Para sa : Lahat ng yunit ng Partido
Mula sa : KTKS
Petsa : Mayo 1990
===========================================================

Kalakip ang pahayag ng KS sa ika-21 anibersaryo ng Partido. Inaasahang ilabas sana ito sa REBOLUSYON pero naantala bunga ng ilang dahilan.

Maglalabas tayo ng hiwalay na mga artikulo at materyales na nagtatalakay sa kalagayan sa daigdig.

*****************************************************************

## PAHAYAG SA IKA-21 ANIBERSARYO NG MULING PAGKAKATATAG NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nakatapos ng isa na namang taon ng masikhay na rebolusyonaryong pakikibaka. Buo ang determinasyon nito na pag-ibayuhin ang mga tagumpay, iwasto ang mga pagkakamali at pagkukulang, lalong palakasin ang sarili at higit pang paigtingin ang rebolusyong pambansang demokratiko laban sa imperyalismong US at mga lokal na mapagsamantalang uring malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Ang Partido ay may kakayahang mapagpalakas pa bilang proletaryong taliba at sumulong sa pagtupad sa kanyang mga rebolusyonaryong tungkulin. Ipinaglalaban nito ang mga makabayan at progresibong karapatan at interes ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino, sumasalig at nagpapakilos sa masa laban sa mga nagsasamantala at nang-aapi sa kanila, at aktibong sumusunggab sa mga oportunidad na nalilikha ng walang tigil na paglala ng krisis ng namamatay na naghaharing sistema. Ang Partido ay mayroong malalim na reserba ng lakas na nabuo sa mahigit 20 taon ng buhay-at-kamatayang pakikibaka. Ito ay pursigidong nagpapalawak sa kanyang mga kadre at kasapi at nagpapataas sa kanilang kalidad sa pamamagitan ng pakikibaka, at palaging handang kumilala sa mga pagkakamali at pagkukulang upang iwasto ang mga iyon.

### I. Pagwawasto sa mga Pagkakamali at Pagkukulang at Higit pang Pagpapalakas sa Partido

Sa tulong ng masigasig na paggawa, militanteng pakikibaka at

pagpapakasakit, pinatunayan ng Partido at ng masang pinamumunuan nito na sila ang pinakamalakas at pinakamaunlad na rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas. Ang katotohanang ito ay kinukumpirma ng kaaway sa kanyang pagtukoy sa Partido at rebolusyonaryong kilusan bilang pinakamalaking banta sa naghaharing sistema at sa kanyang walang patumanggang pagbubunsod ng mga kampanya ng antikomunistang panunupil. Sa kabila ng mga kampanya ng terorismo at panlilinlang ng kaaway na wala pang katulad sa nakaraan sa laki at bangis, napamunuan ng Partido ang armadong kilusang rebolusyonaryo at ang legal na kilusang demokratiko sa pagkakamit ng mga makabuluhang tagumpay.

Ang preserbasyon ng Partido at iba pang rebolusyonaryong pwersa laban sa labis-labis na nakalalamang na patakarang total war ng rehimeng US-Aquino ay isa nang malaking tagumpay. Higit pa sa preserbasyon ng sarili, ang rebolusyonaryong kilusan ay walang humpay na nagpalakas sa sarili at nagsulong sa pakikibakang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista. Sa mga kanayunan, kabayanan at syudad ng mga rehiyon at nakararaming probinsya, napanatili ng Partido, hukbong bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa na mataas na nakawagayway ang pulang bandila ng rebolusyon, at sa gayon ay napasigla ang malawak na masa sa kanilang pagpupunyagi sa pakikibaka at paggigiit ng mga demokratikong karapatan nila.

Ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ay tuntungan sa pagkakamit ng mas malaki pang mga tagumpay, nagpapalubha sa mga bitak ng naghaharing sistema at nagbubunyag na pangarap lamang ng gising ang paghahambog ng kaaway na kanilang dudurugin daw ang rebolusyonaryong kilusan bago 1992. Habang nabibigo ang kontrarebolusyonaryong total war, ang rehimeng Aquino ay hinahagupit ng kabayaran sa pulitika, militar at pinansya ng kanyang patakarang patindihin ang militarisasyon sa kanayunan at kalunsuran nang higit pa sa panahon ng pasistang diktadurang Marcos at tanggapin ang mas malaking tuwiran at di tuwirang papel ng US sa "kontra-insureksyon".

Sa kabilang banda, may mga pagkakamali at pagkukulang sa mga pangunahing linya ng rebolusyonaryong gawain na natukoy at sinimulang mas puspusang lunasan nitong 1989. Ang mga pagkakamali at pagkukulang na ito ay balakid sa tuluy-tuloy at lahatang-panig na pagsulong at malamang na magdulot ng higit pang pinsala kung hindi maagap at mapagpasyang mapapangibabawan. Bagamat may ginagawa nang mga pag-aangkop sa mga plano, prayoridad at alokasyon ng mga kadre at rekurso ng Partido, kailangang gawing mas puspusan pa ang pagwawasto at higit pang palalimin ang

nagkakaisang pag-unawa sa mga leksyon ng mga nakaraang karanasan at sa nasasangkot na mga usaping praktikal at teoretikal. Habang aktibong namumuno, nagpapalawak at nagpapatindi sa mga taktikal na pakikibaka, kailangang mahigpit na panghawakan ang pag-aayos at pagwawasto para sa internal na konsolidasyon at pagtiyak ng lahatang-panig na pagsulong sa matagalang panahon.

Sa armadong rebolusyon, ang Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng Partido ay patuloy na nakasamsam sa kaaway ng malaki-laking bilang ng sandata at nakapagdulot sa kanya ng malaking bilang ng kaswalidad. Resulta ito ng mulat na pagpapaigting ng armadong pakikibaka sa buong bansa, pagpapaunlad sa kakayahan at teknik sa labanan sa pamamagitan ng sariling sikap, at mahusay na paggamit sa malawak na nakalatag na mga larangang gerilya para paulit-ulit na birahin ang mga bulnerableng yunit at bahagi ng kaaway. Bagamat ang total war at gradual constriction ng rehimeng US-Aquino ay nakakadulot ng mga problema at kahirapan sa Partido, hukbong bayan at higit sa lahat, sa masa, hindi nito napagkaitan ng sapat na maniobrahan ang mga yunit ng hukbong bayan. Sa laki ng mga pinsala at tindi ng pagkasiphayo ng kaaway, ang naghaharing paksyong Aquino at Ramos ay tinutuligsa ng mga reaksyunaryong wala sa kapangyarihan dahil sa kanilang pagkabigo sa kampanya ng antikomunistang panunupil.

Batay sa kasalukuyang antas ng pakikidigmang gerilya sa bansa, naaangkop at kinakailangan ang pagmamantini ng mga pangunahing pwersa na laking kompanya o pinaliit na kompanya sa ilalim ng mga pamatnugutan sa isang tipikal na rehiyon at abanteng larangang gerilya. Ang mga ito ay nagsisilbing pwersang panagupa at sentro de grabidad ng mas maliliit pero mas marami at nakakalat na mga lokal na pwersang gerilya (iskwad at platun), mga sandatahang yunit at pangkat pampropaganda at mga milisyang bayan. Sa gayong pagtitimbangan, napananatili ng hukbong bayan ang mataas na antas ng inisyatiba at pleksibilidad para sa mga pangangailangang opensibo at depensibo at mas mabisang napagkukumbina ang mga aksyong anihilasyon at atrisyon at ang gawaing militar at gawaing masa. Kailanman kinakailangan, ang mga pangunahing pwersa ay pwedeng sumanib sa mga lokal na pwersang gerilya upang maglunsad ng mga operasyong higit sa laking-kompanya o di kaya'y maghiwahiwalay sa mga platun at iskwad para magsagawa ng mga operasyong militar o gawaing masa sa mas malawak na saklaw.

Ang pagbubuo ng mga yunit gerilya na nagbibigay ng pangunahing diin sa gawaing militar at di naglaon, ng mga pormasyong kompanya sa mga relatibong sulong na rehiyon ay

nagpaigting sa pakikidigmang gerilya sa pambansang saklaw mula unang hati ng mga taong 1980. Ang sumunod na mga programa sa "regularisasyon", pagpapalakas ng koordinasyon ng mga rehiyon at larangang gerilya, at pagpapaunlad ng kakayahang mandurog ng hukbong bayan ay nag-angat din sa kabuuang kakayahan, teknik at mga pamamaraan ng hukbong bayan. Pero kaalinsabay, lumitaw ang ilang seryosong negatibong tendensya sa makaisang-panig na pagdidiin sa mga tungkulin sa labanan, pagpapalakas sa mga pangunahing pwersa at nitong huli, ang pagmamadali sa pagbubuo ng mas malalaking pormasyon ng hukbong bayan.

Sa ilang sukdulang kaso, ang makaisang-panig na pagpapalakas sa mga pangunahing pwersa at pagmamadali sa pagbubuo ng mas malalaking pormasyon ng hukbong bayan ay umabot sa halos tuluyang pagkasaid ng mga kadre at tauhang nakatalaga sa gawaing masa sa mga lokalidad. Mayroon ding ilang kaso ng labis na sentralisasyon ng mga yunit gerilya sa relatibong mataas na kumand. Pero ang karaniwang manipestasyon ng problema sa ibang lugar ay ang labis na paghina, labis na pagkahuli o di kaya'y matagal na kawalan ng pag-unlad ng mga lokal na pwersang gerilya, mga sandatahang yunit pampropaganda, mga milisyang bayan at ng gawaing militar sa mga lokalidad.

Ang laki, bilang at moda ng pagtatalaga ng malalaking yunit na panlaban ay dapat umayon sa kalagayan ng lohistika, reserba at higit sa lahat, ng suportang masa. Sa kalagayang salat sa kadre sa mga lokalidad at mahinang-mahina ang mga lokal na armadong pwersa, ang baseng masa sa maraming bahagi ng kanayunan ay hindi tuluy-tuloy na napalalawak at napalalalim at kumikitid pa sa marami-raming lugar gawa ng pag-atake ng kaaway. Hanggang hindi mapagpasyang nalulutas ang suliranin sa kadre, pwersang gerilya at gawaing masa sa mga lokalidad, ang mga malaking yunit na panlaban ay hindi mamaksimisa, magiging mabigat na pasanin, malamang na dapuan ng kung anu-anong problema, at maaari pa, kapag tuluyang mawalan ng suportang masa, na matulak sa pasibong pusisyon, maging lubhang kapuna-puna at maging bulnerable sa superyor na pwersang militar ng kaaway.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay nagsusulong sa isang digmang bayan at may mulat na disiplinang turo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Bilang pwersang panlaban, kaya nitong sumabak sa mga kampanyang maiikli ang panahon ng pamamahinga sa pagitan ng mga labanan. Patuloy na pinauunlad ng hukbong bayan ang kanyang kakayahan at teknik sa labanan, ang kumand at koordinasyon sa angkop na mga antas at ang mga suportang serbisyo gaya ng paniniktik, medikal at lohistika. Gayunman, ang hukbong bayan sa iba't ibang antas ay kailangang maglaan ng panahon at pansing

higit kaysa dati sa gawaing pampulitika at produksyon.

Ang anumang armadong organisasyon na pangunahin o lubos na umaasa sa lakas sa sandata para sa kanyang preserbasyon at pagpapalakas at nagpapabaya sa gawaing masa ay malamang na mahiwalay sa mamamayan, maging arogante at komandista at malaki ang panganib na makagawa ng mga seryosong pagkakamali hindi lamang sa mga usaping pulitikal kundi maging sa mga usaping militar. Kailangang mas aktibong lumahok sa gawaing masa ang mga kadre at tauhan ng hukbong bayan dahil may kasalatan sa mga kadre at aktibistang aasikaso sa gawaing masa at iba pang gawain sa mga lokalidad. Pero bukod dito, ang tuluy-tuloy na malalim na paglahok ng mga yunit ng hukbong bayan sa gawaing masa ay kailangan para matiyak ang internal na kalusugan at kasiglahang pampulitika ng mga yunit ng hukbo, gayundin ang malapit at wastong relasyon nila sa mamamayan.

Isang tagumpay ng Partido ang paglilinaw sa matagalan at lahatang-panig na mga rekisito para makamit ang ganap na tagumpay sa digmang bayan at mga kasalukuyang rekisito sa pagsusulong ng pakikidigmang gerilya sa istratehikong depensiba. Ang mga kadre at kasapi ng Partido at mga kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay may mas mahusay nang pag-unawa ngayon sa mga komprehensibong pangangailangan ng armadong rebolusyon. Nakikita at nireremedyuhan na ang mga di-balansyadong paghawak sa mga rebolusyonaryong gawain at alokasyon ng mga kadre at rekurso ng Partido. Kailangang magpunyagi ang Partido sa pagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalaki nang papalaking organisadong suporta ng mamamayan. Ito ang pangunahing landas sa higit pang pagsulong sa istratehikong depensiba at pag-igpaw patungo sa istratehikong pagkakapatas at istratehikong opensiba.

Ang mga pangunahing yunit ng BHB ay kailangang mapunuan ng mga sekundaryong yunit at mga reserba. Dapat palaging tiyakin na ang BHB ay may malawak at malalim na suporta ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at ng iba't ibang tipo ng organisasyong masa. Ang alokasyon ng mga kadre at rekurso ng Partido ay kailangang ayusin para ang pagbubuo ng mas malalaking yunit ng hukbo ay hindi umaalagwa sa pangangailangang magbuo ng malawak at malalim na baseng masa. Anumang pagkitid ng baseng masa sa kanayunan bunga ng mga atake ng kaaway o ng mga suhetibistang pagkakamali ng Partido o di kaya'y ng kumbinasyon ng mga ito ay kailangang agapan at lunasan sa pamamagitan ng desididong pagpapalawak at pagpapatatag sa baseng masa at pagbawi nang higit pa sa anumang di maiiwasang pagkawala ng teritoryo

dahil sa mga atake ng kaaway.

Ang 60 larangang gerilya ay sumasaklaw sa 20% lamang ng pambansang populasyon at teritoryo. At sa loob ng bawat larangang gerilya, hindi pantay-pantay ang pag-unlad ng mga rebolusyonaryong pwersa. Kaya lubhang malawak ang lugar para sa pagpapalawak at pagpapatatag sa loob at labas ng mga larangang gerilya. Dapat ilaan ang pansin, pwersa at rekurso ng Partido na umaayon sa laki at halaga ng gawaing sa pagbubuo ng patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa.

Ang mas malaking bulto ng kasalukuyang baseng masa sa kanayunan ay nabuo noong papatapos ang mga taong 1970 hanggang kalagitnaan ng mga taong 1980, sa pamamagitan ng mabilis na pagpapalawak at mga militanteng kampanyang masang antipyudal at antipasista, kaakibat ng paglaganap at pag-igting ng pakikidigmang gerilya sa buong bansa. Noon pa man, naiwanan nang malayo ang pagsisinsin sa pag-oorganisa at pagbibigay ng edukasyong pampulitika sa masa sa maraming rehiyon at larangang gerilya. Ang mga epekto ay makikita hanggang ngayon sa malaking disproporsyon sa bilang ng mga taong nakapaloob sa mga organisasyong masa at di hamak na mas malaking bilang ng mga taong saklaw ng mga larangang gerilya at pamamahala ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Noong mga taong 1980 lumitaw ang relatibong pagbaba ng kalidad ng mga kadre at yunit na tuwirang nangangasiwa sa gawaing masa sa mga lokalidad bunga ng kakulangan sa pagsasanay at paulit-ulit na paghugot ng mga kadre patungo sa mas matataas na antas, gawaing militar at iba pang linya ng gawain. Kaya muling lumaki ang problema ng di aktibo at kumikitid na mga organisasyong masa, matamlay na baseng masa, at kalakarang ang mga yunit ng hukbo ay umuugnay at umaasa sa mga sangay ng Partido, organo ng kapangyarihang pampulitika o iba pang relatibong makitid ng mga grupo sa baryo nang walang konsultasyon at pagmobilisa sa mas maraming mamamayan.

Higit ngayon ang determinasyon ng Partido na paunlarin ang pag-oorganisa ng mga samahang masa ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, kabataan, kababaihan, propesyunal at aktibista sa kultura; pasiglahin ang rebolusyong agraryo at iba pang kampanyang masa; at palawakin ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga komite ng NDF. Sa pagpapatibay at pagpapataas sa kalidad ng baseng masa, mulat ding nagmamatyag ang Partido sa panganib na labis na malulong o magtakda ng mga di makatotohanang target sa pagpapaunlad ng rebolusyong agraryo at mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga baseng gerilya at relatibong abanteng lugar. Kailangang may karampatang pansin at pwersang

nakalaan sa pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa sa hindi pa gaanong organisado, mas mabuway at mas kumplikado pero mas matao at makabuluhan sa pulitika na mga mababang lugar, kapatagan at tabing-dagat. Ang baseng masa ay dapat tiyaking may sapat na lawak at lalim at mahusay na nakalatag sa mga kabundukan, kapatagan at paligid ng mga pangunahing linya ng transportasyon.

Batay sa lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa, ang nakakayanang ipatupad sa rebolusyong agraryo hanggang ngayon ay ang minimum na programa sa reporma sa lupa sa mahigit 20% lamang ng kanayunan. Saklaw ng programang ito ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagkontrol sa interes, pagpapabuti sa sahod ng mga manggagawang bukid, pag-areglo ng mas makatwirang presyo ng mga kalakal at pagpapasigla ng produksyon ng mga pamilya at mga simpleng anyo ng mga kooperatiba. Nililimitahan at pinipili ang pagsasagawa ng maksimum na programa ng pagkumpiska na hindi pa kayang ipagtanggol liban sa ilang natatanging kasong laban sa mga mangangamkam ng lupa at mga despotikong panginoong maylupa.

Ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa ay dapat magtulungan sa pagsasagawa ng mga kampanya sa edukasyon tungkol sa rebolusyong pambansang demokratiko at mga isyu ng mga partikular na uri at sektor; pag-oorganisa ng mas maraming mamamayan sa mga samahan; pagkulekta ng makatwirang kontribusyon at buwis; pagpapatakbo ng mga programa sa kalusugan; pag-oorganisa at pagsasanay ng mga pwersang milisya at pandepensa sa sarili; paglutas ng mga problema sa hanay ng mamamayan; at pagpapataas sa antas ng kultura at pagbibigay-aliw sa pamamagitan ng mga likhang kultural, pagtatanghal at palakasan.

Ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay kailangang may mga komiteng nangangasiwa sa mga organisasyong masa at nagpapasigla sa kanilang inisyatiba. Dapat tiyakin ng Partido at National Democratic Front na ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa sa mga lokalidad ay umaandar, umuunlad at nagbibigay ng lahat ng kinakailangang suporta sa Bagong Hukbong Bayan.

May sapat na bilang at kalidad ng mga kadre para ibayong pasiglahin, palawakin at palakasin ang gawain at kilusang masa sa mga lokalidad, basta't mahusay at balansyadong maitatalaga ang mga kasalukuyang kadre, mas aktibong lalahok sa gawaing masa ang mga yunit ng hukbo, pahihigpitin ng mga namumunong komite at kadre ng Partido ang pagsubaybay at paggabay, at pasisiglahin ang pagsasanay na teoretikal at pampulitika. Makabibigay din ng

mahalagang suporta ang mga kadre at aktibistang ipadadala ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran. Dapat nang iwasan ang sitwasyong ang mga kadre at yunit na nasa mga lokalidad ay salat sa karanasan at kaalaman, naiiwanang walang sapat na gabay at pagtsek-ap ng mga nakatataas na komite ng Partido, hindi marunong ni natuturuang magmaniobra at magpursigi kapag aktibo ang kaaway, at madaling mahagip ng operasyong militar ng kaaway o di kaya'y mabilis na nawawalan ng loob at tumatalilis.

Ang total war at tinatawag na istratehiya ng gradual constriction ng rehimeng US-Aquino ay mga operasyong base denial at clear and hold na ginawang mas malakihan at sumasaklaw sa buong kapuluan sa layuning mabilis na gapiin ang armadong kilusang rebolusyonaryo. Ang gradual constriction na nakatuon sa 12 larangang gerilya ay tinatampukan ng pagkokonsentra ng malaking pwersang militar at paramilitar at pagsasagawa ng malakihan at tuluy-tuloy na pagsuyod, panliligalig at pananalanta upang wasakin ang baseng masa ng rebolusyon, likhain ang sitwasyong lantay militar, at pagkatapos, sukulin at durugin ang mga pangunahing pwersa ng hukbong bayan.

Para magapi ang total war at gradual constriction, kailangan ng Partido at hukbong bayan ng tatag sa pakikipaggitgitan sa kaaway, mataas na antas ng pleksibilidad at pagkamakilos, at di tuwiran at tuwirang koordinasyon ng mga rehiyon at larangang gerilya para paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa pinakamalawak na saklaw at sa buong bansa. Dapat pagbayarin nang mahal ang kaaway sa pagkakalat ng lagim sa kanayunan at sobrang pagkokonsentra at sobrang pagtigil sa ilang lugar. Dapat siyang pahirapan at paduguin ng mga malaganap na operasyong anihilasyon at atrisyon, gayundin ng malawakang paglalantad at mga protesta ng masa. Kaalinsabay, dapat panatilihin ang pinakamalawak na baseng masa sa kanayunan para sa pleksibilidad at pagmamaniobra ng mga yunit ng hukbong bayan. Habang nagpupunyagi sa paglaban at sa pagpapakilos sa masa sa saklaw ng konsentrasyon ng kaaway, dapat magpalawak nang magpalawak sa mga relatibong maluwag na lugar.

Ang gradual constriction ay hindi makakagapi sa mga rebolusyonaryong pwersa kung ang hindi iipitin ng BHB ang sarili sa pagbubuo ng malalaking pormasyong kulang sa malawak na suporta at reserba at hindi ito magkakamaling maging di-pleksible at istatiko. Ang rehimeng US-Aquino ay nahaharap sa papalaking problemang pulitikal, militar at pinansyal bunga ng patuloy na paglala ng krisis sa ekonomiya at pulitika. Lumalaki ang mga sagka sa pagsusustini ng kaaway sa dating laki at tindi ng

kanyang pag-atake, bukod sa mas lumalawak ang armado at di armadong paglaban ng mamamayan at tumitindi ang gulo sa hanay ng reaksyon. Kahit may mga lugar na nadidisorganisa at nasasalanta ng konsentradong pwersa ng kaaway, naiiwan namang bukas sa rebolusyonaryong gawain ang mas malawak na lugar. Ang lugar na pansamantalang nakokontrol ng kaaway ay mababawi rin ng mga rebolusyonaryong pwersa sa malao't madali.

Walang ibang paraan ng paggapi sa kaaway liban sa pagtataguyod sa mga makatarungang adhikain ng sambayanan at pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila sa pambansang saklaw. Bihasang ginagamit na mga sandata ng Partido ang armadong pakikibaka at nagkakaisang prente upang ipagtanggol ang bayan at patamaan ng mga nakamamatay na bigwas ang kaaway.

Ang legal na kilusang demokratiko ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, kabataan, kababaihan, guro at iba pang propesyunal ay higit pang lumakas at nagiging mas militante kasabay ng higit na pagkakalantad ng rehimeng US-Aquino dahil sa pagtataksil sa mga kapakanang pambansa at demokratiko ng bayan at pananagutan nito sa patuloy na sumasahol na mga kalagayang sosyo-ekonomiko. Ang 1989 ay taon ng malaking pagsulong ng legal na kilusang demokratiko sa buong bansa, pagsiklab ng sunud-sunod na bugso ng mga protesta at pakikibakang masa, at mas mahigpit na pagkakaugnay ng mga pakikibakang masang pang-ekonomiya at pampulitika.

Ang kilusang manggagawa ay nakakaungos sa iba pang kilusang masa. Malawak na naisusulong ng mga manggagawa ang mga welga na tinampukan ng ilang ulit at patuloy na lumalawak at lumalakas na pangkalahatang welga. Ang inisyatiba sa kilusang unyon ay hawak ng mga unyong tunay at anti-imperyalista na patuloy na masiglang lumalawak. Nangunguna rin ang mga manggagawa sa mga pampulitikang aksyong masa na mas tumitingkad ang katangiang anti-imperyalista at antibase.

Ang higit na paglakas ng kilusang magsasaka ay nararamdaman hindi lamang sa kanayunan kundi pati sa hayag na kilusan sa kalunsuran. Matingkad ang papel ng hayag na kilusang magsasaka sa paglalantad at pagtuligsa sa pagtanggi ng rehimeng US-Aquno sa tunay at puspusang reporma sa lupa. Sa gayon, lalong tumitingkad ang kawastuhan ng programa sa reporma sa lupa ng rebolusyonaryong kilusan. At nailalantad ang makitid na interes na itinataguyod ng naghaharing estado ng mga panginoong maylupa at malaking burgesyang kumprador. Lumalawak ang paggamit ng kilusang magsasaka sa mga legal na anyo at paraan ng pag-oorganisa, edukasyon, propaganda at pakikibaka. Bagamat namumukod ang

katangiang antipyudal, ang hayag na kilusang magsasaka ay may malaking papel sa mga pakikibakang antipasista at antimilitarisasyon at papalaking papel sa kampanya at propagandang antibase at anti-imperyalista.

Muling masiglang sumusulong at lumalakas ang kilusang kabataan at estudyante. Ang sumiklab na pambansang kilusang boykot laban sa pagtataas ng bayad sa tuition at ang tuluy-tuloy na mga protestang anti-imperyalista ng mga kabataan at estudyante ay mga palatandaan ng pag-unlad sa bagong antas ng militansya. Napakahalaga ng patuloy na pagsulong ng kilusang kabataan dahil sanayan ito ng mga kadreng nakapag-aral na kailangan sa iba't ibang tipo ng rebolusyonaryong gawain.

Sumusulong din ang kilusang kababaihan. Natutupad na ang pagsasanib ng kababaihang mula sa uring manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lunsod, bagay na maaaring maging isang makapangyarihang pwersa sa hinaharap. Ang kilusang kababaihan ay prominente hindi lamang sa pagtataguyod sa mga kapakanan at isyu ng kababaihan, kundi maging sa pangkalahatang kilusang demokratiko at sa mga pakikibakang anti-imperyalista, antipasista at antipyudal.

Sa mga propesyunal, nangunguna ang mga guro na militanteng nakikibaka para sa mas disenteng kalagayan sa paggawa at pamumuhay. Paulit-ulit silang nagsagawa ng mga pangkalahatang welga at iba pang protestang masa para sa kanilang mga hinaing na pangkabuhayan at mga karapatang demokratiko. Tuluy-tuloy nilang nailantad ang pagwawalang-bahala ng rehimeng US-Aquino sa interes ng mga panggitnang saray ng lipunan. Habang lumalaon mas malinaw na naiuugnay ng mga guro ang kanilang pakikibakang pang-ekonomya sa pakikibakang anti-imperyalista. Ang mga guro sa mga paaralang publiko ay nakapagbigay ng inspirasyon sa iba pang empleyado ng gobyerno na magbangon at maghapag ng sarili nilang mga kahilingan. May dati nang pag-oorganisa sa sarili at karanasan sa militanteng pagkilos ang mga empleyado sa gobyerno, kaya mabilis ang kanilang pagsulong at ngayon ay aktibo silang sumasama sa kilusang manggagawa.

Ang mga organisasyon ng mga maralita ng lunsod, kabataan at iba pang sektor sa mga komunidad ay pinupuntirya ng matinding kampanya ng terorismo at pananakot ng militar, pulisya at mga pwersang paramilitar. Pero matatag silang lumalaban at nagpupursiging makapanatili at makapagpalakas sa kabila ng patuloy na tumitinding panunupil sa kalunsuran.

Ang iba't ibang progresibong sektor ng lipunan ay nagbubuo ng kanilang mga organisasyon, gayundin ng mga alyansang sektoral at multisektoral. Pinakikitunguhan nila ang mga isyung sektoral at multisektoral alinsunod sa linyang pambansang demokratiko.

Ang National Democratic Front, ang pinakakonsolidadong lihim na organisasyong nagkakaisang prente ng mga saligang pwersa, at ang mga legal na organisasyong nagkakaisang prente ay nagpapalakas sa loob ng kani-kanilang balangkas. Kaalinsabay, mulat nilang binabaka ang mga tunguhing sektaryo nang hindi bumibitiw sa mga rebolusyonaryong makauring prinsipyo. Palagi silang nakahanda at nagnanais na magpalawak pa sa nagkakaisang prente base sa mga relasyong konsultatibo at konsensual. Kaya nabubuo at patuloy na lumilitaw ang mas malawak na mga pormasyong nagkakaisang prente at mas malawak na mga nagkakaisang pagkilos.

Ang nagkakaisang prente ang pinakamabisang sandata para pagbuklurin ang pinakamalawak na hanay ng mga pwersa laban sa kaaway at biguin kahit bago pa man ang mga tangka ng kaaway na ihiwalay at siraan ang mga pinakaprogresibong pwersa.

Malaking gawaing pampulitika ang natupad ng Partido sa pagbubuo ng rebolusyonaryong kilusang masa. Pero dapat na hindi ito maging kontento at kampante. Kahit ang trabaho ay mahusay na nagagawa, pwede pa ring pahusayin iyon. Dapat maging alerto ang Partido para matiyak na nasusunod ang wastong linya at mga paraan ng paggawa, natutukoy at naiwawasto ang mga pagkakamali at pagkukulang, at ang mga nahuhuli at kahit ang mga nagkakamali ay nakakahabol sa mga mahusay kumilos at nagpapakita ng magandang resulta. Kailangang palaganapin at pasiglahin ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili batay sa mga tunay na pangyayari.

Ang mga tagumpay at pagkukulang ay kailangang lagumin, suriin at pakitunguhan sa antas ng gawaing pampulitika. Upang maisulong ang rebolusyonaryong kilusang masa, dapat magsagawa ng edukasyong pampulitika sa programa ng rebolusyong pambansang demokratiko at mulat na umiwas sa mga oportunistang pagkakamali na tipong Kanan o ultra-Kaliwa.

Pero para magkaroon ng mas masaklaw at mas malalim na pag-unawa sa rebolusyonaryong proseso at para makita ang mga suhetibistang ugat ng mga pagkakamali, maging dogmatista o empirisista man, kailangang itaguyod ang edukasyong teoretikal sa Marxismo-Leninismo base sa mga akda ng mga dakilang Komunista at kaugnay ng kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Kailangan ding magsagawa ng panapanahon at napapanahong pagpuna

at pagpuna-sa-sarili alinsunod sa diwang siyentipiko at nang may kapanatagan ng pag-iisip ang mga kasapi ng Partido.

Mayroon nang mga hakbang para magpatakbo ng mga paaralan at mga kurso sa teoretikal na pag-aaral, maglathala ng teoretikal na dyurnal, pasiglahin ang pananaliksik at panlipunang pagsisiyasat, at gumawa ng mga materyal sa pag-aaral na pwedeng agad nang mabasa ng mga kadre at kasapi ng Partido o agad nang matalakay ng mga yunit ng Partido. Ilang taon nang napabayaan ang edukasyong teoretikal; at ang kapabayaang ito ay may masamang epekto na damang-dama sa rebolusyonaryong kilusan.

Ang Marxista-Leninistang pagsusuri sa kasaysayan at kasalukuyang sirkunstansya ng Pilipinas at sa mahaba at mayaman nang karanasan sa rebolusyon sa Pilipinas ay mas mahalaga pa sa abstraktong pag-aaral sa mga dayuhang akda. Ang malalaking pagkakamali at pagkukulang na lumilitaw sa gawaing pampulitika ay mauugat sa kapabayaan sa edukasyong teoretikal at sa hindi paglalapat ng wastong pananaw at metodolohiya sa praktika at mga problema ng rebolusyong Pilipino.

Ang edukasyong teoretikal ang nagluluwal ng mga kadreng bumubuo sa bag-as ng rebolusyong Pilipino, tumitiyak na ang Partido ay nasa wastong landas ng rebolusyon at namumuno sa mga gawain anumang liko't ikot ang tahakin ng rebolusyon. Doon nila nakukuha ang kakayahang magsiyasat sa nakaraan at kasalukuyan at ang pananaw sa hinaharap na kailangan sa pamumuno sa rebolusyon patungo sa tagumpay.

Bunga ng mga matinding pagsalakay ng kaaway at ng sariling mga pagkakamali at pagkukulang, ang kasapian ng Partido ay hindi nakapagrehistro ng makabuluhang kabuuang paglaki. May mga rehiyong nakapagtala ng paglaki ng kasapian, samantalang ang iba ay pagliit. Kung hindi lalaki ang bilang ng kadre at kasapi ng Partido, mahihirapan ang rebolusyonaryong kilusang masa dahil kakulangan ng proletaryong bag-as.

Kapag ang masa sa alinmang lugar ay sapilitang napalikas ng kaaway o naipapailalim sa pagkontrol ng militar o paramilitar, ang Partido ay dapat magpursiging makakilos at makapamuno sa hanay ng mamamayang lumikas o nasa kontrol ng kaaway. Gayunman, ang paraan para makabawi sa mga pinsala sa isang lugar ay ang magpalakas sa ibang lugar. Tanging sa pamamagitan ng mga pleksibleng taktika at masigasig na pagpapalawak at pagpapalalim sa baseng masa matitiyak ang tuluy-tuloy na paglaki at paglakas ng Partido sa harap ng matitinding pagsalakay ng kaaway.

Kabilang sa mga pagkakamaling nakalimita sa paglaki ng kasapian ng Partido ang pagkalimas ng mga kadre at rekurso sa gawaing masa sa mga lokalidad bunga ng pagkahigop sa gawaing militar at iba pang gawain; kasalatan ng pampulitika at teoretikal na pagsasanay; burukratismo at komandismo na sumisikil sa inisyatiba at pag-unlad ng mga kasapi ng Partido at aktibistang masa; liberalismo at ultrademokrasyang nagpapahina sa pagkakaisa at disiplina; sektarismo sa pakikitungo sa aktwal at potensyal na mga alyado; at pinakamasahol sa lahat, ang pabalik-balik na isterya sa mga kampanyang anti-impiltrasyon. Ginagawa na ang mga hakbang para puspusang iwasto ang mga pagkakamaling ito.

Kaugnay ng isterya sa kampanyang anti-impiltrasyon, pinaninindigan ng Partido ang prinsipyo ng pagtitiwala sa mga istruktura at normal na proseso ng mga rebolusyonaryong organisasyon dahil ang mga iyon at ang kanilang kasapian ay lumitaw sa pagsubok ng rebolusyonaryong pakikibaka. Mayroon nang malinaw na mga gabay para pag-ibahin ang kontradiksyon sa hanay ng mamamayan at iyong sa pagitan ng mamamayan at kaaway; at maiwasang lumitaw ang nakamamatay na panic mula lamang sa mga suspetsa at ispekulasyon.

Ang Partido ay nagbalangkas at nagpapatupad ng mga prinsipyo at pamamaraan ukol sa pagsisiyasat bago pag-aresto, pagtukoy sa ebidensyang prima facie, pagsisiyasat sa mga arestadong suspek, paglilitis, ebalwasyon ng ebidensya, pag-aantas-antas ng bigat ng mga parusa, at proseso ng pag-apela. May hatian sa gawain ng mga taong kabilang sa prosesong legal at hudisyal para pigilan ang mga paglabag sa karapatan sa due process at iba pang karapatan ng napaghinalaan at naaresto. Pinauunlad ang sistemang legal at hudisyal ng rebolusyonaryong kilusan para sa kapakanan ng mga rebolusyonaryo at ng masa. May ginagawa ring mga pagsasanay na legal at paralegal.

Hinaharap at mapagpasyang nilulutas ang problema sa seguridad na nagresulta sa pagbagsak ng mga kadre at kasapi ng Partido at mga doumento ng Partido sa kamay ng kaaway. Natukoy na malaking dahilan ng mga matagumpay na pagbirang ito ng kaaway laban sa Partido, laluna sa kalunsuran, ang kaluwagan ng mga kadre at kasapi ng Partido na nagsimula noong 1983 at 1984 at umabot sa kasukdulan noong 1986 at 1987, laluna noong panahon ng ceasefire. May mga organisasyon ng Partido na nakabase sa kalunsuran na bulagsak sa mga tuntunin ng lihim na pagkilos at nahirati sa pagsalasalabat ng ligal at iligal na mga tao, yunit, pasilidad at linya ng ugnayan, bagay na delikado hindi lamang sa

kanila kundi sa iba pang inuugnayan nila.

Lubhang bulnerable sa pagmamanman ng kaaway ang pag-ugnay ng mga tauhan ng Partido na nasa lista ng wanted ng kaaway sa mga dating bilanggong pulitikal, mga progresibong lider, mga kamag-anak at iba pang nakapananatiling legal pero markado naman ng kaaway. Ang kanayunang nasa kontrol ng BHB ay pwedeng gamitin sa kinakailangang pagtatagpo ng mga taong "wanted" at "markado".

Seryosong pinag-aaralan at inaayos din para matiyak ang seguridad ng pagbabase sa kalunsuran at estilo ng pagkilos ng mga tauhan ng Partido na nasa lista ng wanted ng kaaway. Ang mga namumunong kadre ng Partido sa gawaing lunsod na nasa lista ng wanted ng kaaway ay hindi dapat dumikit sa mga nasa legal na demokratikong pakikibaka. Ang una ay dapat magbigay ng napapanahong paggabay at mga direktiba sa huli. Pero kailangan nilang engganyuhin ang huli para matutong maging lubos na umaasa sa sariling inisyatiba, mapanlikha at maparaan alinsunod sa mga batayang prinsipyo, mga patakaran at mga umiiral na desisyon.

Dahil may mga dokumento ng Partido na nasamsam ng kaaway, ang buong Partido ay alerto at natututong makitungo sa mas masinsing pagmamanman at pang-iintriga ng kaaway. Nililinaw at ipinatutupad ang mga paraan ng pangangalaga sa impormasyon, pagbabawal sa sobrang pagtatala, at labis na pagsalig sa mga kagamitang kompyuter, habang pinalalakas ang sistema ng pag-uulat at ang pagsasadokumento at pagpapalaganap ng mga mahalagang pagsusuri at desisyon ng mga namumunong komite ng Partido.

Sa gabay ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo, ang Partido ay nagpapalakas sa sarili sa pamamagitan ng mga hakbang na kailangan upang mailagay sa mga namumunong organo ang mga kadreng subok at may kakayahan at mabigyan ng buong laya ang inisyatiba ng kasapian ng Partido. Ang mga nakatataas na organo ay determinadong magbalangkas at magpalabas ng mga napapanahong pagsusuri at gabay sa mga isyu at mga gawaing dapat tupdin; maagap na lumutas sa mga problemang hindi kayang lutasin ng mga nakabababang organo at organisasyon; umiwas sa matatagal na pulong para magkaroon ng higit na panahon sa pag-aaral at paggawa; at bakahin ang burukratismo para mapalarga ang inisyatiba, pagiging mapanlikha at pagiging maparaan ng mga nakabababang organo.

Mulat na pinalalakas ng Partido ang demokrasya sa loob ng Partido gayundin ang demokratikong konsultasyon at konsensus sa mga alyado at iba pang mga hindi kasapi ng Partido. Sa

pagpapalakas ng demokrasya sa loob ng Partido, alam ng Partido na kailangang magtakda ng mga daluyan ng mga diskusyon at debate na angkop sa lihim na katayuan ng Partido. Sa paggawa ng mga napapanahong desisyon, batay sa demokrasya sa loob ng Partido, napipigilan ang paglaki ng suliranin sa liberalismo, gaya halimbawa ng kadaldalan, at pati ang problema sa mga sensitibong impormasyon na nakakaabot o lumiligwak sa pandinig ng kaaway. Kapag hindi umiiral ang demokrasya sa loob ng Partido, ang mga kadre at kasapi ng Partido ay nagmimistulang mga robot sa ilalim ng mga burukrata o di kaya'y natutuksong lumabag sa disiplina at ikalat ang kanilang mga reklamo sa labas ng Partido.

Kaalinsabay, dahil nasa buhay-at-kamatayang pakikihamok sa kaaway, hinihingi ng Partido sa mga kasapi nito ang disiplina at pagkakaisa ng loob at nagpapairal ito ng mga istriktong pamantayan sa seguridad. Dapat palakasin ang diwa ng Partido at mulat na bakahin ang indibidwalismo, kaisipang maliit na grupo at ultrademokrasya, na pawang mga sintomas ng gawing petiburgis sa loob ng Partido. Dapat ding agapan sa ilang bahagi ng Partido ang labis at iresponsableng pakikitunggali na madalas na nagpapalubha sa mga pagkakaiba at di pagkakaunawaan, ang pagwawalang-bahala sa mga patakaran at desisyon ng Partido, at ang kaluwagan sa disiplina.

Ang Partido ay determinadong magpalawak at magpaunlad sa kalidad ng kasapian nito sa buong bansa, sa kanayunan at kalunsuran, batay sa lumalakas na kilusang masa. Kailangan ang mas marami pang kadre mula sa mga manggagawa at magsasaka. Matindi rin ang pangangailangan sa mga kadreng nakapag-aral na pwedeng italaga sa mga gawain sa hanay ng masang anak-pawis, sa hukbong bayan at sa mga tungkulin nangangailangan ng kakayahang propesyunal at teknikal.

Bukod sa pagpapaunlad sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas, ang Partido ay nagpapalakas din ng mga makabayan at progresibong organisasyon sa hanay ng mga Pilipino sa ibayong-dagat. Ang gawaing internasyunal ng Partido ay naglalayong ipaalam sa mamamayan ng buong daigdig ang kabuluhan ng rebolusyong Pilipino at mangalap ng suportang moral at materyal mula sa kanila. Matagumpay na napalawak ang relasyon ng Partido sa mga partido ng uring manggagawa, iba pang mga partido at mga rebolusyonaryong organisasyon sa ibang bansa. Masiglang lumalawak sa iba't ibang rehiyon ng daigdig ang mga organisasyong solidarity na sumusuporta sa rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino.

## II. Ang Krisis ng Naghaharing Sistema

Lubhang napakainam ng mga obhetibong kundisyon para sa paglakas at patuloy na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Ang hindi malutas-lutas at lalong lumalalang mga pundamental na suliranin ng sambayanang Pilipino na imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang naglulubog sa sistemang malakolonyal at malapyudal sa bago at mas malalim na antas ng krisis sa ekonomya at pulitika.

Nagpapatuloy nang walang paghupa ang dating krisis na nagbunga ng pagkakatayo, paghina at pagbagsak ng pasistang diktadurang Marcos at nagsadlak sa buong naghaharing sistema sa landas ng disintegrasyon. Ibayo pa itong lumala sa pagbabalik ng rehimeng US-Aquino ng burgis-demokratikong tabing ng mga malaking kumprador-asenderong institusyon at proseso ng gubyerno na umiral bago ang panahong pasista o bago 1972. Ang pagpupunyagi at pagsulong ng armadong rebolusyon ay tumitiyak sa katapusan ng naghaharing sistema.

Pareho sa saligan ang makauring katangian ng rehimeng US-Aquino at rehimeng US-Marcos. Katulad ng pinalitan nitong paghahari, ang rehimeng US-Aquino ay isang pro-imperyalista at reaksyunaryong paghahari ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Sa simula ay nagpanggap itong liberal-demokratiko pero habang lumalaon ay nagiging higit pang mapang-api at mapagsamantala sa mga anak-pawis at panggitnang saray ng lipunan. Pinatunayan ng rehimen na wala itong kakayahang lumutas sa mga pundamental na problema ng bayan subalit may kakayahang magpalala pa sa mga iyon.

Kumpara sa rehimeng Marcos, ang rehimeng Aquino ay tuluy-tuloy na naging mas masunurin sa imperyalismong US sa lahat ng bagay laluna sa mga patakaran sa ekonomya at seguridad. Matigas na tumatanggi itong magsagawa ng mga saligang reporma para maigiit ang kasarinlan sa pulitika at ekonomya at magpatupad ng tunay at puspusang reporma sa lupa. Ang kasalukuyang rehimen ay hindi lang nabigong iahon ang bayan sa lusak ng korupsyon at mga madugong krimen ng nakaraang rehimen. Dinaig pa nito ang huli sa korupsyon at paglabag sa mga karapatang tao.

Nasa mas masahol na sitwasyong ekonomiko at pinansyal ang rehimeng Aquino kaysa rehimeng Marcos at nakaharap ito sa mas maigting na alitang internal sa loob ng istrukturang sibil at militar ng sistemang pampulitika. Mas mabigat din ang problema

nito sa lumalakas na rebolusyonaryong kilusan na mas determinado pang ibagsak ang reaksyunaryong estado sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Itinataguyod ng rehimeng Aquino ang mga patakarang sosyo-ekonomiko na kapaki-pakinabang sa mga dayuhang mamumuhunan at bangko at sa mga lokal na mapagsamantalang uri pero lubha namang nakapipinsala sa malawak na masa ng sambayanan. Ang ekonomya ay nananatiling agraryo at nasa mababang antas ng pag-unlad; at nakasalig sa mga eksport na hilaw na materyales at paggawa, sa mga reeksport na mababa ang halaga at sa mga imported na produktong pangkonsumo at pamproduksyon na hindi bumabago sa kalikasan ng ekonomya.

Todo-todong pinipiga ang ekonomya ng lumalaking serbisyo sa utang sa mga dayuhan at ng transfer pricing, paglalabas ng ganansya ng mga dayuhang pamumuhunan, korupsyong burukratiko, gastos sa militar, pagkonsumo ng mga luho at iba pang aktibidad na nakasalig sa importasyon.

Ang pinalilitaw na pagbuti ng ekonomya ay ang paglaki ng ginagasta sa pagkonsumo ng mga luho at sa mga aktibidad na di produktibo. Ang paglaki ng GNP ay bunga ng pagtaas ng konsumo na likha ng mas malaking paggastos ng gubyerno. Pero sa kabila niyon, kapus na kapos sa kinakailangan ng publiko ang mga esensyal na serbisyong publiko tulad ng edukasyon, kalusugan, elektrisidad at transportasyon.

Higit pang lalaki ang napakabigat nang $30 bilyon utang sa labas. Ang taunang antas ng pagserbisyo sa utang sa labas ay lampas na ngayon sa $4 bilyon na mahigit sa 60% ng kinikita sa eksport at lumilikha ng bagong pangangailangan sa higit na pag-utang sa mga dayuhan. Ang depisit sa kalakalan ay mabilis na tumataas dahil patuloy na sumasama ang palitan sa kalakalan ng mga eksport ng Pilipinas. Mabilis na lumalaki rin ang depisit sa badyet dahil mahigit 60% ng badyet ang nilalamon ng pagseserbisyo sa mga utang at gastos militar.

Kapalaran na ng karaniwang mamamayan ang maghirap sa patung-patong na problema sa disempleyong mahigit sa 40%, sahod na sadyang pinabababa, napakataas na presyo at kasalatan ng mga saligang kalakal na pangkonsumo at pamproduksyon, at pagbagsak ng produksyon at mga esensyal na serbisyong sosyal. Mahigit 70% ng mamamayan ang nasa kategoryang naghihikahos at patuloy silang dumarami. Laganap ang malnutrisyon at sakit.

Malala at patuloy na lumalala ang kriminalidad. Ang sangkot

sa mga gawaing kriminal at bumibiktima sa karaniwang tao ay ang mga tauhang militar, pulisya at paramilitar. Sila ay nagnanakaw, pumapatay, nang-aabuso at nananakot ng mga tao sa mga lugar na mayroong armadong labanan at maging doon sa wala pa.

Sa kalagayang mabilis na lumulubha ang pagsasamantala at pang-aapi, malaganap ang pagkaligalig at paglaban ng mamamayan. Masigla ang mga aksyong masa ng mga anak-pawis at mga panggitnang saray upang magprotesta sa kanilang di na matiis na kalagayan at humingi ng mas mabuting kalagayan. Nagsisilbing matabang lupa para sa armadong rebolusyon ang mas malalang pangkalahatang krisis sa ekonomya at ang pagsidhi ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa kanayunan.

Ang orihinal na layunin sa pagbabalik ng mga institusyon at prosesong umiral bago 1972 na may pagpapanggap na populista at demokratiko ay palaparin ang hatian ng kapangyarihan mula sa pagiging makitid niyon sa ilalim ng bumagsak na pasistang pangkating Marcos tungo sa relatibong mas malawak na pro-Aquinong koalisyon ng mga reaksyunaryong paksyon at paliitin ang impluwensya ng at ipwera ang mga progresibong pwersa at mga tunay na kinatawan ng bayan.

Ngunit sa kalagayang ekonomiko at pinansyal na mas masahol kaysa noong panahon ng rehimeng Marcos, ang tendensya ng paksyong Aquino, laluna ng kanyang mga kamag-anak, ay magmonopolisa sa burukratikong kurakot. Ang labanan ng mga paksyon sa loob ng naghaharing koalisyong Aquino at sa pagitan ng mga paksyong Aquino at anti-Aquino sa buong naghaharing sistema ay higit pang tumitindi at sumisira sa kanila sa mata ng bayan.

Ang naghaharing koalisyong pro-Aquino (LDP) ay tuluy-tuloy na kumikitid at nakakabagabag sa iba pang paksyo na kasosyo ng paksyong Aquino. Ang paksyong militar ni Ramos at ang paksyong sibil ni Salonga (LP) ay mga mayor na kasosyong nababalisa. Samantalang ang paksyong Pimentel (PDP) ay itinutulak palayo ng paksyong Aquino, walang pakundangang (?) kinabig naman nito ang mga di-maaasahang elemento sa paksyong Marcos. Kaharap ngayon ng paksyong Aquino ang koalisyong anti-Aquino ng mga paksyong Laurel (NP-Laurel wing), Enrile (NP-Enrile wing), at mga pampulitikang tagapagmana ni Marcos, laluna si Eduardo Cojuangco at General Ver (KBL).

Kaugnay ng eleksyong presidensyal sa 1992, lahat ng mayor na paksyong pulitikal ay lumalahok sa mga maniobra at kontra-maniobra sa loob ng naghaharing sistema at sa loob ng koalisyong

pro-Aquino. Ang kanilang labanang interpaksyunal ay madaling sumiklab dahil sa sumasamang kalagayang sosyo-ekonomiko, lumalalang pagbagsak ng kredibilidad at pagkakahiwalay sa mamamayan ng paksyong Aquino, at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan.

Hindi hanggang mga anyong sibil lamang ang labanang pulitikal sa pagitan ng mga reaksyunaryong paksyon. Ang mga paksyong ito ay nagbubuo ng sariling mga pribadong armadong organisasyon at kuneksyon sa mga paksyon sa loob ng AFP. Kaalinsabay, ang mga paksyon sa loob ng AFP ay magpalakas ng kanilang kuneksyon sa Washington, mga mayor na paksyong sibil at mga tagapinansya sa hanay ng mga malaking kumprador at panginoong maylupa.

Kung pag-uusapan ang walang-taning na pagpapanatili ng burgis-demokratikong balatkayo ng estadong malaking kumprador-asendero, ang US ay hindi sinasadyang nakagawa ng serye ng mga pagkakamali sa pag-udyok sa pasistang politisasyon ng AFP sa ilalim ng rehimeng Marcos, paglikha ng pagkakahati sa loob ng AFP para patalsikin si Marcos, at pagbabawal kay Aquino na alisin sa AFP ang mga paksyong pasista at anti-Aquino. Mayroon ngayong apat na paksyong matutukoy sa loob ng AFP. Ang mga ito ay ang paksyong Ramos, Aquino, Enrile at Marcos. Kaalinsabay, may malakas na tunguhin na independyente sa mga nabanggit na paksyong militar pero handang makipagtulungan sa mga paksyong anti-Aquino sa isang kudeta laban sa mga paksyong Aquino at Ramos. Ang independyenteng tunguhing ito ay bunga ng malaganap na diskontento sa loob at labas ng AFP.

Lahat at bawat isa sa apat na paksyon pati mga upisyal at tauhan ng AFP na kabilang sa independyenteng tunguhin ay maingay na pro-US at antikomunista. Masama para sa naghaharing sistema ang pagkakahati-hati ng AFP. Pero gustong gamitin ito ng US at ginagamit nga upang itaguyod ang sariling mga interes, laluna ang pagpapatagal ng mga baseng militar niya nang lampas sa 1991.

Sinamantala ng tangkang kudetang naganap mula Nobyembre 30 hanggang Disyembre 9 ang popular na diskontento sa rehimeng Aquino dala ng lumalalang krisis sa ekonomya. Ang rehimen ay inakusahan ng mga nagpakana ng kudeta ng pagkabigo sa kampanya ng antikomunistang panunupil, korupsyon at masamang pamamalakad sa ekonomya.

Hiningi ng mga lider ng kudeta ang pagbibitiw ni Aquino, ng kanyang gabinete at ng buong Kongreso; at hinabol nilang maitayo

ang isang namamahalang konsehong militar na sa pinakamaagang maaari ay magbibigay-daan daw sa isang huntang sibilyan-militar. Nangako silang magdadaos ng reperendum sa isang bagong sistema ng demokrasya at mga eleksyon. Ang tangkang kudeta ay binalak at ipinatupad ng RAM at SFP kasama ang YOU. Nilahukan iyon ng kumbinasyon ng mga paksyong Enrile at Marcos at ng independyenteng tunguhin ng mga upisyal na namumuhi sa rehimeng Aquino at sa mga paksyong Ramos at Aquino sa loob ng AFP.

Ang pinakahuling tangkang kudeta ay di hamak na mas malaki, mas nakapinsala at mas lumapit sa tagumpay kaysa sa naunang seryosong tangkang kudeta noong Agosto 1987. Ang dahilan ay nakatipon iyon sa Metro Manila ng ilang mataas na upisyal militar, kabilang ang ilang heneral, at di bababa sa 3,000 tropa mula sa mga piling yunit, kabilang ang marines at scout rangers.

Pero mayroon pa ring aspeto ng coup d'theatre ang katatapos na kudeta. Walang itinalagang ispesyal na yunit sa lupa na sapat ang laki para agawin ang palasyo at ang katauhan nina Presidente Aquino, General Ramos, ang Chief of Staff ng AFP General de Villa at iba pang susing upisyal. Ang plano sa kudeta ay kapuna-punang dinisenyo para paliitin ang kaswalidad ng magkatunggaling paksyong militar, udyukan ang mga upisyal at tauhan na magpalit ng pinapanigan o di kaya ay manatiling nyutral, at hayaang mga sibilyan ang magtamo ng kalakhan ng kaswalidad.

Gayunman, may mga indikasyong -- gaya sa nakaraang mga bantang kudeta at sa tangkang kudeta noong 1987 -- ang mga Amerikanong humahawak sa mga nagpakana ng kudeta ay may alam sa balak na kudeta, nagtakda ng hanggahan doon at nagbigay ng pagkakataon sa mga pinakamataas na upisyal sa Washington na makialam pag-abot ng isang takdang punto. Walang-wala sa plano ang pagdakip at pagpatay kay Aquino.

Ang nangyari ay isang tangkang kudeta na sa disenyo ay sadyang mabibigo. Kara-karakang nabigo iyon nang magsagawa ng "persuasion flights" ang mga F-4 phantom jets ng US. Muling ipinakita ng kinalabasan ng tangkang kudeta na US ang may hawak ng ultimong kapangyarihang ekstrateritoryal sa neokolonya; at si Aquino ay nasa awa ng US at lalo pang lumaki ang pagkakautang sa kanyang panginoon. Ipinaabot ng US kay Aquino ang malinaw na mensahe na patagalin niya nang lampas sa taning ang mga baseng militar ng US at kung hindi ay pagdurusuhan niya ang mangyayari.

Hanggang ngayon, ang mga bantang kudeta at mga tangkang kudeta ay nagsilbing pambabraso na kapakipakinabang sa US.

Pagkatapos ng bawat banta o tangkang kudeta, nakukuha ng US ang kanyang gusto mula sa rehimeng Aquino, naitutulak ang huli na gumawa ng paninindigang mas antinasyunal at antidemokratiko, at mas napalalakas ang katayuang pampulitika ni General Ramos na nagbubuo sa mga "peace and order councils" at mga pwersang paramilitar bilang baseng pulitikal niya.

Dahil sa kanilang pagkamuhi sa mga paksyong Aquino at Ramos, ang mga paksyong anti-Aquino at anti-Ramos ay maaasahan sa susunod na tangkang kudeta na magtatalaga na ng mga ispesyal na yunit upang bihagin o patayin si Aquino at iba pang susing upisyal. Kahit sampalataya sila sa imperyalismong US at sa antikomunismo, ang mga nagpakana ng kudeta ay nagsisimula nang magalit sa paulit-ulit na paggamit sa kanila ng US at natututong maging tuso sa itinityempong pakikialam ng US. Ang pinakamainam na inaasam nila ay ang pagkuha pa rin sa pagsang-ayon ng pinakamataas na upisyal ng US bago, habang at pagkatapos ng kudeta. Kung hindi nila makukuha ang naunang pagsang-ayon, maaasahan sa susunod na tangkang kudeta na sasadyain nilang iharap sa US ang isang fait accompli.

Sunod sa US, si Mrs. Aquino at General Ramos ang nakikinabang pagkatapos ng bawat tangkang kudeta. Pero sa pagitan ni Aquino at Ramos, laging mas malaki ang panalo ng huli. Noong bisperas ng nakaraang tangkang kudeta, si Ramos ay hinirang ni Aquino bilang pangalawang punong kumander. Habang nagaganap ang tangkang kudeta, siya ang direktang humiling sa pakikialam ng US sa pamamagitan ng mga eroplanong pandigma nito; at pagkaraang nagawa na ang kahilingan saka lamang kinuha niya ang pormal na pag-apruba ni Aquino.

Ang proklamasyon ni Aquino ng state of emergency sa buong bansa ay nagpapalakas sa mga kundisyon para sa higit pang militarisasyon at pasisasyon at pagsikil sa mga demokratikong karapatang bayan. Inilalatag niyon ang tuntungan para panatilihin ng mga papet ng US ang mga baseng militar nang lampas sa 1991 sa harap ng lumalakas na rebolusyonaryong kilusang masa. Samantala, binibigyan niyon ang mga paksyong Aquino at Ramos ng ekstrang sandata at maniobra laban sa kanilang mga reaksyunaryong karibal na militar at sibilyan.

Sa kanilang pragmatistang pananaw, itinuturing ng mga upisyal ng US na matalino at matagumpay sila dahil nagagawa nilang manipulahin ang mga naglalabanang paksyong sibil at militar sa loob ng naghaharing sistema sa Pilipinas. Ngunit ang pagkakahati-hati ng AFP at ang higit na marahas na alitan ng mga

reaksyunaryong paksyon ay malinaw na nagpapakita ng disintegrasyon ng naghaharing sistema.

Kailanman magpasya ang mga gumagawa ng patakaran sa Washington, pwedeng umimbento si General Ramos ng okasyon para agawin niya ang kapangyarihan sa paghaharing militar kapag si Aquino ay naging malaking problema ng US sa anumang dahilan. Higit kailanman sa nakaraan, nakaasa si Aquino kay Ramos at hindi niya matanggal sa katungkulan ang huli kahit si Ramos ay isang pangunahing dahilan ng paksyunalismo sa AFP. Hindi rin pwedeng lipulin ni Aquino ang mga paksyong anti-Aquino at anti-Ramos sa AFP, sa kabila ng kanyang matigas na pananalita, dahil lalo lamang padadaliin niyon ang pagputok ng bagong tangkang kudeta.

Wastong parehong kinondena ng Partido at lahat ng progresibong pwersa sa kilusang lihim at hayag ang rehimeng Aquino at ang mga nagpakana ng kudeta. Ang rehimeng Aquino ay responsable sa pagpapalala sa krisis na nagbunga ng tangkang kudeta at sa pagtanggap at pag-apruba sa interbensyong US; at ang mga nagpaka ng kudeta ay dapat kondenahin dahil sa kanilang linyang sagadsaring pro-US at antikomunista. Parehong nararapat na kondenahin at itakwil ng sambayanan ang mga makakanang nasa kapangyarihan at wala.

Ang armadong rebolusyonaryong kilusan ay maaaring makapagpabilis sa kanyang pagsulong sa kasalukuyang kalagayang higit pang lumalala ang krisis sa ekonomya at pulitika; ang pangunahing sangkap ng kapangyarihang estado ay malubhang nahahati laban sa kanyang sarili; at mas malaking bilang ng tropa kaysa nakaraan ang kailangang italaga sa pagdidepensa ng sentro ng kapangyarihan sa Metro Manila.

Habang gulo ang AFP, ang BHB sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ay maaari at dapat magpaigting ng mga taktikal na opensiba. Maaari at nararapat gawin din ito ng mga hukbo ng bayang Moro. Pwedeng isagawa nang malawakan, prinsipal, ang mga kampanya ng anihilasyon at, sekundaryo, ang mga kampanya ng atrisyon.

Kaalinsabay, dapat tiyakin ng Partido na naiwawasto ang mga kakulangan ng balanse sa pagitan ng gawaing militar at gawaing masa at napauunlad nang kumprehensibo at balansyado ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa. Bukod sa pag-igting ng mga operasyong militar, ang kalagayan ay napakainam din para sa mas mabilis na paglakas ng mga kilusang masa, paglawak ng ugnay at pakikipagtulungan sa ibang pwersang progresibo, paglitaw at pagsasanay ng maraming kadre at aktibista, paglakas ng gawaing edukasyon at propaganda, at paglawak ng Partido.

Ang mga organisasyon at pakikibakang magsasaka ay kailangang mas agresibo pang palawakin at palakasin sa mga mabundok na kalupaan pero gayundin sa mga kapatagan, tabing-dagat at paligid ng mga pangunahing linya ng transportasyon. Ang pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga magsasaka sa mga pakikibakang pangkabuhayan at pampulitika ay dapat makinabang sa mahigpit na ugnay kapwa sa pakikidigmang gerilya at sa demokratikong kilusang legal.

Sa harap ng tunguhing pahigpitin ang pagkontrol ng militar sa Metro Manila at ibang sentrong lunsod, ang ligal na demokratikong kilusan ay dapat maging mapagmatyag laban sa anumang sorpresang atakeng udyok ng US. Dapat palakasin at ihanda ang kilusang lihim sa kalunsuran. Dapat magsagawa ng mga pagsasanay sa pagtatanggol sa sarili.

Subalit ang ligal na demokratikong kilusan ay kailangang manatiling militante at patuloy na lumalawak. Mapatitindi nito ang propaganda at ahitasyon, gawaing organisasyon at mga aksyong masa laban sa lumalalang krisis sa ekonomya at pulitika, mga imposisyon ng US, gaya ng pagpapatagal ng mga baseng militar sa likod ng isang bagong kaayusan, at tunguhing papunta sa panibagong lantad na pasistang diktadura.

Sa susunod na dalawang taon, posibleng maganap ang isang pag-aalsang bayan gaya noong 1986. Maaaring pasiklabin iyon ng malubhang pag-abuso sa mga karapatang pambansa at demokratiko, ng pagpapatagal ng mga baseng militar ng US, ng gawa-gawa o tunay na tangkang kudeta o ng alinman sa maraming posibleng isyu o insidente. Patuloy na umiinit ang malalaking labanan kaugnay ng mga pundamental na usaping pambansa at panlipunan. Habang lumalalim ang krisis, nag-iibayo ang ligalig at galit ng mamamayan at ang mga reaksyunaryo ay mas nauulol sa pag-aagawan sa kapangyarihan at paglapastangan sa kapakanan at karapatan ng bayan.

Ang bayan ay maaaring makinabang sa pag-aalsa ayon lamang sa lakas na taglay ng mga rebolusyonaryong pwersa at sa kanilang kakayahang makipagkumbina sa ibang progresibong pwersa at kahit ilang paksyong konserbatibo o reaksyunaryo na papayag sa ilang mayor na interes ng sambayanan.

Napakahalaga ng isyu sa mga base militar ng US. Maaari nitong patunayan kung sino ang mga makabayan at sino ang mga taksil sa bayan. Maaaring tukuyin niyon ang mga target ng isang pag-aalsang bayan o ng mga ispesyal na operasyon ng hukbong

bayan. Habang nananawagan tayo sa sambayanang Amerikano na masigasig na lumaban sa interbensyong US sa Pilipinas, binibigyan natin ng sapat na babala ang mga reaksyunaryong US at lokal na huwag magpatuloy sa pagpapatindi pa sa napakalubha nang paghihirap ng bayan sa pamamagitan ng pwersahang pagpapanatili ng mga baseng militar ng US sa likod ng anumang palusot o kaayusan. at sa gayon ay patagalin ang paglapastangan sa soberaniya at teritoryal na integridad ng Pilipinas.

Samantalang may mga posibilidad ng pag-aalsang bayan sa hinaharap, ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ay dapat kumilala na sa kasalukuyang antas ng lakas, ang pinakamainam na pwedeng makamit ng mga ligal na progresibong pwersa ay ang bahagi sa kapangyarihan sa isang gubyernong kontrolado ng mga hindi progresibo. Sa gayon, hindi pa ganap na matutupad ang hangad ng bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Kaya kakailanganin ang pagpapanatili ng mga rebolusyonaryong pwersa sa lawak at lalim ng sikretong lakas at pagpupunyagi sa matagalang digmang bayan.

Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

Disyembre 26, 1989

## III. Sitwasyon sa Daigdig

Ang buong mundo ay nasa krisis. Nasa krisis ang mga bayang kapitalista, sosyalista at nasa Ikatlong Daigdig. Ang katotohanang ito ay kailangang ipakita at masusing suriin dahil, sa pamamagitan ng malisyosong pagdidiin sa krisis sa mga bayang sosyalista, naghahangad ang mga kapitalistang bayan na pagtakpan ang kanilang sariling krisis at ang kanilang pananagutan sa krisis ng mga bayan sa Ikatlong Daigdig at kahit ng ilang bayang sosyalista.

Sa gitna ng mga krisis sa daigdig, kailangang matatag at umaasa-sa-sariling ipatupad ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pambansang demokratikong rebolusyon laban sa imperyalismong US at

mga lokal na mapagsamantalang uri. Kahit ano pa ang mga pagkutya sa diumano'y pagkabigo ng sosyalismo (na ang totoo'y pagkabigo ng kapitalistang landas sa mga bayang sosyalista) at pagkakalat ng takot sa kinabukasan ng sosyalismo, hindi titigil ang ating Partido sa pagtataguyod sa Marxista-Leninistang panunuri sa modernong imperyalismo at sa pagsamantala sa krisis ng lokal na naghaharing sistema na nakakawing sa krisis ng imperyalismo .

Sa katunayan, ang mga bayang sosyalistang naghangad ng integrasyon sa pandaigdig na ekonomyang kapitalista at nag-angkop o "nag-reporma" ng kanilang mga panloob na patakaran sa ekonomya, sa pag-aakalang bibilis ang kanilang pag-unlad, ay tinamaan na ng mga kasamaan ng kapitalismo at dumadanas ng kaguluhang pulitikal.

Matagal nang nakapaloob sa pandaigdig na ekonomyang kapitalista ang Pilipinas, Latina Amerika at karamihan ng mga bayan sa Ikatlong Daigdig. Ngunit hindi naman sila naiahon ng mga dayuhang empresa at bangkong multinasyunal sa kanilang mababang antas ng pag-unlad at pagdarahop. Iilan lamang ang ekonomyang bagong nag-iindustriyalisa at hindi sila uubrang patunay sa kabutihan ng kapitalismo para sa buong Ikatlong Daigdig.

Pinabilis ng abanteng teknolohiya ng mga pangunahing kapitalistang bayan ang kapitalistang krisis ng sobrang produksyon sa pandaigdig na saklaw. At para makaginhawa sa krisis, dinispatsa ng mga kapitalistang bayan ang kanilang sobrang kapital at sobrang kalakal sa pamamagitan ng malakihang pagpapautang sa mga bayan ng Ikatlong Daigdig at sosyalista. Tinahak din nila, laluna ng US na siyang namumukod na halimbawa, ang landas ng sobrang pagkonsumo at sobrang paggastang militar.

Ang resulta sa hanay ng mga bayang kapitalista ay ang panibagong distribusyon ng lakas sa ekonomya at pinansya. Ang Hapon at Kanlurang Europa, partikular ang Kanlurang Alemanya, ay nagtamasa ng napakalaking surplas sa kalakalan at naging pinakamalalaking kapitalistang nagpapautang. Napakalaki naman ng depisit sa kalakalan at badyet ng US na naging pinakamalaking mangungutang na bayan sa buong daigdig. Dahil dito, ang US ay dumausdos mula sa pusisyong nakapagdidikta ng mga patakaran sa ekonomya at seguridad sa kanyang mga kapitalistang alyado tungo sa pusisyong nakikipagkonsensus muna at nakikipagkombina sa kapantay at lumalakas na mga kapartner.

Gustong ayusin ng US ang kanyang ekonomya sa pamamagitan ng pagpapaliit sa kanyang depisit sa kalakalan at badyet. Iniengganyo nito ang produksyon ng mga produktong maibebenta,

iginigiit ang kanyang mga eksport, binabawasan ang mga gastos sa militar, at hinihikayat ang kanyang mga kaalyado na makihati sa kargong militar at makipag-detente sa Unyong Sobyet.

Kahit napapanatili ang pangkalahatang kundisyon ng mataas na produktibidad at kasaganaan sa mga pangunahing bayang kapitalista, makikita pa rin ang mga manipestasyon ng krisis sosyo-ekonomiko sa lahat ng kapitalistang bayan. Kabilang dito ang tuluy-tuloy na problema sa disempleyo, kakapusan sa pabahay, at pagbawas ng mga benepisyo sa walang trabaho at mga serbisyo sosyal.

Nakalubog ngayon sa di kayang mabayarang utang sa dayuhan ang mga bayan ng Ikatlong Daigdig na nangutang nang malakihan sa mga kapitalistang institusyong pinansyal mula noong dekadang sitenta. Ang mga pangungutang na ito ay hindi nagbunga ng pag-unlad, bagkus nagpalubha pa sa atrasadong kalagayan ng mga bayan ng Ikatlong Daigdig. Ang mga pautang ay ipinantustos sa pagtatayo ng mga impraistruktura, mga pasilidad na panturista, produksyon ng hilaw na materyales at ilang empresang nagrereasembol o nagpoproseso nang bahagya. Pinasigla ng mga ito ang pagtaas ng paggasta sa konsumo, na nagtulak naman sa malakihang importasyon ng mga mataas na klaseng produktong pangkonsumer para sa mga nakaririwasang uri, na nakahihigit nang di hamak sa anumang pag-unlad sa industriya o kapasidad sa produksyon.

Hindi malaman ng mga bayan sa Ikatlong Daigdig kung paano babayaran ang kanilang utang panlabas. Kailangan nilang maghigpit ng sinturon at palaging manikluhod para sa pagreiskedyul ng pagbabayad sa utang at iba pang anyo ng pagpapagaan sa pasaning utang. Patuloy na sumasama ang palitan sa kalakalan ng kanilang mga eksport na hilaw na materyales at mga reeksport na mababa ang halagang nadagdag.

Sa kasalukuyan ang mamamayan ng mga bayan ng Ikatlong Daigdig ay pinipiga ng mga bayang kapitalista sa pamamagitan, pangunahin, ng pagseserbisyo sa utang. Wala silang nakikitang pangangailangan na magpasok ng bagong produktibong pamumuhunan katulad ng dati dahil karaniwang binibigyan naman sila ng karapatang ikombert sa sosyo sa mga empresang lokal ang mga di mabayarang pautang. Ang dayuhang pautang ay isang importanteng instrumentong neokolonyal ng mga kapangyarihang kapitalista sa pambabraso sa mga bayan ng Ikatlong Daigdig na magbigay ng mga pribilehiyo sa ekonomya at iba pang klase ng pribilehiyo.

Sa Pilipinas, ang dayuhang pautang ay kinakasangkapan upang

pigain sa ekonomya at ilublob sa kahirapan ang mamamayan. Ginagamit din ito upang ipwersa sa mamamayang Pilipino ang pagpapatagal ng pananatili ng mga baseng militar ng US nang labag sa kanilang soberanong kapasyahan.

Ang pasaning utang sa dayuhan ay lumilikha ng panlipunang ligalig sa Ikatlong Daigdig. Nagbunga na ito ng marahas na mga ispontanyong aksyong masa sa ilang bansa sa Latina Amerika at Aprika. Ang utang sa dayuhan, nagsosolo at kakumbina ng iba pang isyung pang-ekonomya, ay nagdedeistabilisa sa mga bayan sa Ikatlong Daigdig.

Ang pampulitikang kalayaang naipagtagumpay na ng mga mamamayan ng mga bayan sa Ikatlong Daigdig ay pinahihina ng mga neokolonyal na paraan ng pagsasamantala, laluna sa pamamagitan ng pinakamasahol na anyo ng kapitalismo sa pinansya sa buong kasaysayan ng modernong imperyalismo. Pinepresyur ang mga lider ng mga gubyerno sa Ikatlong Daigdig upang sumunod sa mga kagustuhan ng mga kapitalistang nagpapautang. Kaalinsabay, hinaharap nila ang napakatinding paghihirap at malubhang panlipunang ligalig sa hanay ng kanilang mamamayan.

Sa kabila ng kaayusang mukhang nasusunod ang kagustuhan ng mga kapangyarihang kapitalista dahil sa kanilang kapangyarihan sa ekonomya at pinansya, may mga gubyerno at mga rebolusyonaryong kilusan sa Ikatlong Daigdig na matatag na nagtataguyod sa linya ng anti-imperyalismo at proletaryong internasyunalismo.

Ang higit na nakararami sa mga bayan ng Ikatlong Daigdig ay kabilang sa kilusang walang kinikilingan (non-aligned movement) at patuloy na mahigpit na humihingi ng isang bagong kaayusang internasyunal sa ekonomya at pulitika. Kaisa nila ang lahat ng mga bayang sosyalista. Patuloy na umaani ng mga tagumpay ang kilusan sa pambansang pagpapalaya. Naipagwagi ng Namibia ang kanyang kasarinlan; humihina ang mga kontrarebolusyonaryong pwersa sa Angola at Mozambique; naiproklama na ang estadong Palestino; nauupos na ang Contras sa Nicaragua; matagumpay na naglulunsad ng opensibang pangkapayapaan at armado ang mga rebolusyonaryo sa El Salvador; at, ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas ay matatag na nakikibaka at sumusulong.
Naayos na o di kaya'y nabawasan na ang tindi ng mga mayor na armadong labanan sa Ikatlong Daigdig. Ang gyera ng Iran-Iraq ay humantong sa kasunduan sa pagtigil ng labanan. Inalis na ng Unyong Sobyet ang kanyang mga tropa sa Afghanistan. Gayundin ang ginawa ng Byetnam sa Kampuchea. Matalinong desisyon ito ng Unyong Sobyet at Byetnam. Gawa ng desisyong ito, mailalaan nila ang

malaking halaga ng kanilang mga rekurso para sa konstruksyon ng kanilang ekonomya. Ang Cuba ay nag-aatras ng pwersa mula sa Angola pagkatapos matagumpay na tumulong sa pagtatanggol ng Angola laban sa mga reaksyunaryong pwersa ng South Africa at Unita at naghawan ng landas para sa pagkakamit ng pambansang kasarinlan ng Namibia.

Sa mga bayang nasa Silangang Europa, ang Yugoslavia, Poland at Hungary ang namumukod sa pangungutang at pakikipag-ayusan sa kalakalan sa mga bayang kapitalista, gayundin sa pagtataguyod ng mga patakaran sa ekonomya na paborable sa mga pribadong mamumuhunan at komersyanteng lokal at pati sa mga dayuhang mamumuhunan at bangko. Ang ekonomya ng mga bayang ito ay hindi umunlad tulad ng kanilang inaasahan at hindi maaaring gawing modelo ng kaunlaran. Ang sinasabi ng mga propagandista ng kapitalismo na pagkabigo ng sosyalismo ay mas angkop na ilarawang mga kasamaan ng kapitalismo na nananalasa sa mga bayang sosyalista ang turing pa rin sa sarili dahil mayroon pang mga empresa ng estado, kaunting pagpaplano ng estado at mga serbisyo sa kagalingang sosyal.

Ang Tsina sa liderato ni Deng Ziao Ping ay nagbukas sa mga bayang kapitalista at nagsagawa ng mga reporma, kabilang ang pagbabalik ng kapital sa burgesyang Tsino at pagpapalaki ng pribadong kapital sa pamamagitan ng pagpapautang ng mga bangko ng estado, ang pagbuwag ng mga komunang agrikultural at gumaganang pribatisasyon ng agrikultura, ang pagtataguyod ng malayang pamumuhunan at malayang pamilihan at marami pang iba. Ang mga repormang ito ay may intensyong kamtin daw ang mabilis na modernisasyon ng Tsina at reaksyon din sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura ni Mao Zedong at teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

Ang resulta ay mga grabeng kawalan ng balanse sa ekonomyang Tsino kung saan ang konsumo ay lumaki nang di hamak na mas mabilis kaysa produksyon. Umalagwa ang konstruksyon ng mga di produktibong nakapirming ari-arian at ang importasyon ng mga mataas na klaseng produktong pangkonsumer. Mula 1985-1989 mabilis na lumaki ang utang panlabas ng Tsina mula $15 bilyon tungo sa $45 bilyon. Siyang-siya ang mga dayuhang mamumuhunan at nagpapautang, ang malalaking komprador, ang mga burukratang kapitalista at mga mayamang magsasaka. Ang mga kasamaan ng kapitalismo tulad ng labis na pagpapatubo, mga napakalaking agwat sa personal na kita, implasyon, korupsyon, kakapusan ng mga saligang pangangailangan at iba pang katulad na problema ay agad na nanalasa at nagbunga ng malawakang diskontento. Di magtatagal,

kinailangan ding magpatupad ng mga hakbang sa paghihigpit ng sinturon dahil labis na nag-init ang ekonomya.

Ang mga nagtataguyod sa kapitalistang landas ay nagbabalak pang ibenta o buwagin ang mga empresang estado, talikdan ang pagbabalak ng estado, alisin ang kontrol sa mga presyo ng lahat ng bilihin at ganap na palargahin ang pamilihan. Napigilan lamang sila nang naging lubhang nakakabahala na ang krisis sa ekonomya at pinansya. Ngayon, pinupuna na ang mga pinakamasahol na ideya ng mga nagtataguyod sa kapitalistang landas. At idinidiin ng kasalukuyang liderato ng Tsina ang apat na kardinal na prinsipyo ng katapatan sa landas ng sosyalismo, demokratikong diktadura ng mamamayan, pamumuno ng Partido Komunista, at Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Ang liberalisasyon sa ekonomya ng Tsina ay may kaakibat na liberalisasyon sa pulitika. Naging uso ang pagsasabing lipas na sina Marx, Engels, Lenin at Mao Zedong kahit sa mga namumunong sirkulo. Itinaguyod ang linyang "magpayaman nang una sa iba". Umabante ang tunguhing burgis-liberal hanggang magkaanyo sa isang kontrarebolusyonaryong tangkang ibagsak ang Partido Komunista ng Tsina at ang demokratikong estado ng bayang Tsino. Ang kakatwa sa kontrarebolusyon ay ang pagsamantala ng mga burgis-liberal sa diskontento sa lipunan na likha ng mga kasamaan ng kapitalismo upang makuha nila ang hegemonya sa mga aksyong masa.

Bago magtapos ang 1989, ang mga lider ng mga naghaharing partido sa Poland, Hungary, Czechoslovakia, East Germany at Romania -- mga alyado ng Unyong Sobyet sa Comecon at Warsaw Pact -- ay napatalsik sa kapangyarihan ng mga kilusang masang nasa ilalim ng hegemonya ng mga nagnanais magpairal ng mga burgis-liberal na kahilingan sa ekonomya at pulitika. Sa ekonomya, nais nila ang pribatisasyon ng mga kasangkapan sa produksyon, pagtatakwil sa pagpaplano ng estado, pamamayani ng pamilihan sa produksyon at integrasyon sa pandaigdigan na pamilihang kapitalista. Sa pulitika, hinihingi nila ang pagkondena at paglusaw sa namumunong papel ng partido ng uring manggagawa at pagpapairal ng isang sistemang multi-partido. Sa Unyong Sobyet mismo, malakas ang presyur sa lideratong Gorbachev na ipatupad ang mga kahilingang ito. Ang Unyong Sobyet ay dumadaan ngayon sa proseso ng kaguluhan sa lipunan.

Sa usaping ito, walang ibang tungkulin ng Partido Komunista ng Pilipinas kundi ang mag-aral at matuto ng mga leksyon mula sa kasaysayan at sitwasyong ang isang proletaryong partido o mga lider nito ay naging burukratiko, naging burgis at nahiwalay sa mamamayan at nawalan ng karapatang kumatawan sa istorikong misyon

ng uring manggagawa. Ang naturang istorikong misyon ay sosyalistang rebolusyon at hindi mapayapang ebolusyon o pag-atras sa kapitalismo. Ang tanging matwid sa namumunong papel ng partido ng uring manggagawa sa lipunang sosyalista ay ang rebolusyong sosyalista at konstruksyong sosyalista.

Sa lahat ng bayang sosyalista, ipinagbunyi ng mamamayan ang kanilang paglaya sa mga pwersa ng imperyalismo at reaksyon at ang sosyalistang transpormasyon ng lipunan. Ito ay kahit maraming kahirapang dulot ng mga pinsala ng digmaang pandaigdig at sibil, mababang antas ng ekonomya at teknolohiyang namana sa lumang kaayusan, mga imperyalistang embargo sa ekonomya at mabigat na mga gastusin sa pambansang depensa. Sa kabila ng lahat ng kahirapang ito, nakamit ang saligang industriyalisasyon at kooperasyon sa agrikultura at naitaas ang pamantayan ng pamumuhay ng mamamayan nang higit kaysa sa lumang sistemang panlipunan.

Ngunit ang teknolohiya at kasangkapan ay naging lipas na at nahuli sa mga pag-unlad sa teknolohiya sa mga bayang kapitalista. Kinikilala ng mga lider ng mga partido ng uring manggagawa ang pangangailangang magbago ng kasangkapan at magtamo ng bagong teknolohiya at higit na isulong ang sosyalistang konstruksyon. Pero lumakas naman ang mga pwersa sa loob at labas ng partido na pumupunang atrasado, tigil o sumasama pa ang kalagayan sa ekonomya; sumisisi sa mga saligang prinsipyo ng sosyalismo; at labis na nagpapalaki sa pangangailangang kumumporme sa mga hinihingi ng kapitalismo sa loob at labas ng bayan. Ang mga pananawagan sa masigasig na pagtrabaho para makaabot sa antas ng kaunlaran ng mga pinakamaunlad na bayang kapitalista ay naging okasyon sa paggawa ng mga abstrakto pero mapangutyang paghahambing sa pagitan ng mga bayang sosyalista at kapitalista.

Ang mga kahilingang burgis-liberal ay may batayang sosyal sa saray na mas malaki ang kita, mataas ang pinag-aralan at mataas ang kasanayan. Lumalaki ang naturang nakatataas na saray bunga ng sosyo-ekonomikong pag-unlad na likha ng sosyalismo. Lubhang mahalaga at maimpluwensya sa sosyalistang lipunan ang saray na ito. Dito pangunahing nanggagaling ang mga upisyal ng partido at estado, mga manedyer sa ekonomya at mga propesyunal. Kung walang matatag at puspusang rebolusyonaryong teorya at kung walang rebolusyonaryong kilusang masa ng proletaryado at mamamayan, nakakaligtaan ng parami nang paraming upisyal ng partido at estado ang mga rebolusyonaryong pag-unlad na nakamit ng kanilang bayan sa iba't ibang panahon at ang istorikong misyon ng uring manggagawa habang tinitingala nila ang mas mataas na pamantayan ng produksyon at pagkonsumo at ang ilusyon ng kalayaan sa

pinakamauunlad na kapitalistang bayan.

Mula sa saray na mas malaki ang kita, may mga inidibidwal na umaanib sa partido ng uring manggagawa sa hangad na makaangat sa kanilang propesyon, magpayaman sa pusisyon at magkaroon ng akses sa mataas na klaseng mga imported na produktong pangkonsumer. Sa simula nagpapasimuno sila sa pagtutulak sa rebisyunistang linya na wala nang uri at tunggalian ng mga uri sa lipunang sosyalista at sa kalaunan hayagan silang nagtataguyod sa kapitalistang landas at sa linyang burgis-liberal. Kaya ang naghaharing partido ay bulnerableng maimpluwensyahan at sa kalaunan ay makontrol kung hindi man mahati nila. Alinman ang mangyari ang Partido ay nanghihina at nahihiwalay sa mamamayan. Pagkatapos ang linyang burgis-demokratiko ay nag-uudyok at umuugnay sa lahat ng klase ng atrasadong takbo ng pag-iisip na umiiral sa hanay ng mamamayan tulad ng nasyunalismo, relihiyon, konsumerismo, lansakang sinisismo at lansakang antikomunismo.

Lahat ng lider ng mga partido ng uring manggagawa, kabilang ang ilan sa kakaunti nang beteranong rebolusyonaryo, at ang kanilang mga baguhang tagapayong teknokrat na bumagsak o tinutuligsa ng mga aksyong masa ay nagtaguyod mismo ng burgis-liberal na mga patakaran, paraan ng pag-iisp at pagkilos sa lipunan. Pinigilan rin nila ang rebolusyonaryong kilusang masa sa pangambang baka hamunin niyon ang kanilang awtoridad at mga pribilehiyong burukratiko. Sa ordinaryong tao, ang pinakalitaw na mga indikasyon ng korupsyon at demoralisasyon sa mga bayang sosyalista ay ang kumikitang black market sa mga maatatag na perang dayuhan at mga mataas na klaseng produktong pangkonsumer; at ang laganap na sentimyentong antikomunista sa hanay ng mamamayan.

Ang Polish United Workers Party at ang Hungarian Socialist Workers Party ay paulit-ulit na nahati at nasira sa mata ng mamamayan dahil sa gulo sa ekonomya bunga ng pagsunod sa mga kagustuhan ng mga kapitalistang bangko na tinambakan ang ekonomyang Polako at Hungarian ng mga pautang na higit pang nakakabigat kaysa sa utang panlabas ng Pilipinas. Maaaring sabihing karapat-dapat ngang ang mga hayagang nagtaguyod ng kapitalistang landas ay silang responsable ngayon sa lalong matinding mga hakbang sa paghihigpit ng sinturon at higit pang pamamalimos ng pautang mula sa Kanluran.

Kahit ang Czechoslovakian Communist Party at ang East German Socialist Unity Party ay paulit-ulit na nahati at nasira sa mata ng mamamayan sa kabila ng katotohanang ang ekonomya ng mga bayang

ito ang pinakaproduktibo at pinakamasagana sa Silangang Europa. Ang burgis-liberal at sosyal-demokratikong paghahambing ng mga bayang ito sa mga bayang kapitalista laluna sa Kanlurang Alemanya ay nagbigay ng inisyatibang pampulitika sa mga kalaban ng naghaharing partido.

Naiiba ang Romanian Communist Party dahil mukhang naigiit nito ang pambansang kasarinlan at nakasakay ito sa makabayang sentimyento ng mamamayang kritikal sa Unyong Sobyet at Hungary. Subalit ang lideratong Ceausescu ay pinahina ng kaguluhan sa ekonomya na bunga ng malaking utang sa dayuhan, pagwawaldas ng kanilang rekursong langis at pagkatapos, ng kampanya sa pagbabayad ng utang sa dayuhan na nagsakripisyo sa kagalingan ng mamamayan.

May pinakamalawak na impluwensya sa Silangang Europa noong panahon ng pampulitikang pag-aalsa ang linya o "bagong kaisipan" ni Gorbachev na ang mga pangunahing sangkap ay pagbabagong-istruktura ng ekonomya (perestroika), pagbubukas at demokrasya (glasnost) at detente. Ang pangunahing diin nito ay ang pagpapalakas sa kapangyarihan ng pambansang ekonomyang Sobyet sa isang mapayapang kapaligirang internasyunal. Kaalinsabay ang paglutas sa pangkalahatang suliranin sa istagnasyon ng ekonomya at iba pang suliraning panlipunan na bumabagabag sa bayan.

Ang matitipid sa pagbabawas ng produksyong militar, pagbabawas ng nakatalagang tropa at kagamitang Sobyet sa Silangang Europa at pagbabawas ng mga komitment sa Ikatlong Daigdig ay magagamit sa produktibong pamumuhunan sa ekonomyang sibil laluna sa produksyon ng mga kalakal na pangkonsumer.

Bukod sa pagtitipid para sa produktibong pamumuhunan, naglalayon din ang perestroika na magpatupad ng mga hakbang na lumalayo sa pagpaplano ng estado at publikong pag-aari sa mga kagamitan sa produksyon at nagtataguyod sa pribadong pamumuhunan at sa mga pwersa ng pamilihan. Balak ng Unyong Sobyet na magabayan ng mga presyo sa pamilihang pandaigdigan sa pakikitungo sa ibang bayan, kahit na mga nasa Council for Mutual Economic Assistance (Comecon).

Inaasahang ang mga reporma ay makakaakit ng dayuhang tuwirang pamumuhunan at pautang at magpasigla sa dayuhang kalakalan na iniisip ng Unyong Sobyet na magagamit sa pagkuha ng bagong teknolohiya mula sa ibang bayan. Dahil kalakhan ng mga eksport ng Unyong Dobyet ay hilaw na materyales at malaki ang ginagasta nito sa pag-import ng butil, malaking problema ng

ekonomyang Sobyet ang pagpapalitaw sa dayuhang salaping ipambabayad sa pag-import ng teknolohiya at mga produktong pangkonsumer, laluna mga mataas na klaseng produktong pangkonsumer na hinihingi ng saray na mas malaki ang kita.

Ang glasnost ay ginagamit upang itaguyod ang mga layunin sa ekonomya at pulitika ni Gorbachev at baklasin ang mga impluwensya ni Stalin at Brezhnev. Pero ang pinakalantad na mga pwersang antisosyalista ay gumagamit din dito upang siraan ang mga saligang prinsipyo ng sosyalismo, takpan ang mga istorikong tagumpay nito, ipalaganap ang nasyunalismo at relihiyon para buklurin sa anti-sosyalismo ang mga etnikong nasyunalidad na Sobyet, at hingin ang likidasyon ng namumunong papel ng Partido Komunista. Matagal ang patlang sa pagitan ng pagbibitaw ng pangako ng masaganang produktong pangkonsumer at panahon ng katuparan niyon. Si Gorbachev mismo ay pwedeng maging target ng mga welga ng mga manggagawa at mga aksyong masa na sigeng lumilitaw sa Unyong Sobyet.

Walang pasubali na ang detente ay isang mabuting bagay. Ang US at mga kapitalistang alyado nito naman ang nagpasimula at nagpaigting sa Cold War. Kung may mapayapang pakikipamuhay, pagluluwag ng tensyon at pagtanggal sa mga kumprontasyong militar sa hanay ng mga estado, makikinabang ang sosyalistang konstruksyon sa mapayapang kapaligirang internasyunal.

Ang pinakamatayog at pinakapundamental na dahilang ibinibigay ni Gorbachev para sa mapayapang pakikipamuhay ng mga estado ay ang pangangailangang tiyakin ang kaligtasan ng sangkatauhan laluna laban sa digmaang nukleyar. Kaugnay nito, umaabot siya sa pagdeklarang nabago na ang kalikasan ng imperyalismo at ang daigdig ay isang kabuuan at nag-aasahan na. Pero kaalinsabay, sinasabi niya sa mga pananalitang realistiko na ang Unyong Sobyet, gaya ng ibang bayan, ay pwedeng maghabol sa kanyang pambansang interes at iayon iyon sa interes ng iba. Halimbawa, ang super magkaribal ay pwedeng maging mga super partner.

Sa paghahangad sa detente, tuluy-tuloy na nag-uusap ang Unyong Sobyet at US tungkol sa pagbabawas ng armas kabilang ang mga sandatang nukleyar, mga pwersang kombensyunal at mga sandatang kemikal. Nakarating na sila sa mga kasunduan sa paglutas ng mga alitang rehiyunal na pareho silang nasasangkot. May ilang pag-abante na rin sa pagbabawas ng armas ng dalawa. Pero pareho pa ring taglay nila ang kakayahang ilang ulit na ubusin ang sangkatauhan at paunlarin ang kasalukuyang mga sandata

sa isang mas pinong anyo ng paligsahan sa armas.

Ang lumilitaw na mas mahinahong superpower ay ang Unyong Sobyet na nagdadala sa mga konsepto ng nakasasapat na depensa at nagsasariling inisyatiba sa pagbabawas ng armas. Sa katunayan, di hamak na nauuna ang pagdidis-armang ideolohikal at pulitikal na ipinalalaganap ng Unyong Sobyet kaysa anumang kasunduan sa pagdidisarma na mas makabuluhan sa tratado sa intermediate nuclear forces (INF), na ukol sa tatlong porsyento lang ng lahat ng sandatang nukleyar.

Sa karamihan ng bayang sosyalista, mayroon nang matataas na upisyal ng partido at estado na nagdedeklarang mali ang tunggalian ng mga uri, ang makauring diktadura ng proletaryado, ang anti-imperyalismo at proletaryong internasyunalismo. Diumano, ang mga naturang prinsipyo ay mas nakapipinsala kaysa nakabubuti sa mga bayang sosyalista at nanggagalit sa Estados Unidos at ibang kapangyarihang kapitalista na gustong kunin ngayon ang mapayapang pakikipagtulungan.

Nagaganap na ang kaguluhang pulitikal bago makamit ng Unyong Sobyet at ibang bayang sosyalista sa Silangang Europa ang mas mataas na antas ng pag-unlad at kasaganaan sa ekonomya. Ang kanilang mga lipunan ay niyayanig din ng umiiral na istruktura at relasyon ng mga pambansang interes. May pambansang interes ang buong Unyong Sobyet. Ngunit naririyan din ang mga pambansang interes ng mga nasyunalidad sa loob ng Unyong Sobyet gayundin ng ibang bayan sa Silangang Europa.

Ang paghina ng anti-imperyalista at proletaryong internasyunalistang bigkis sa pagitan ng mga bayang nasa Warsaw Pact ay nagpapalakas sa mga pwersang palayo sa sosyalismo tulad ng liberalismong burgis, nasyunalismo, pagtampok ng mga pagkakaiba sa relihiyon, sinisismo at sari-saring klase ng tunguhing kontra sa sosyalismo. Ang mabilis na pagbagsak ng mga lider ng naghaharing partido gayundin ng namumunong papel mga partidong ito ay bunga ng mga panloob na salik, pangmatagal na subersyon ng mga kapangyarihang kapitalista at mga ahente nila, at ang malinaw na katotohanang sumusunod ngayon ang Unyong Sobyet sa doktrinang "Sinatra" sa halip na sa doktrinang "Brezhnev".

Subalit ang lideratong Gorbachev ay hindi ligtas sa magulong kalagayang umiiral sa Silangang Europa. May panganib na bumagsak ang lideratong ito kapag hindi makapagdudulot ng masaganang suplay ng mga saligan at mataas na klaseng produktong pangkonsumer. Malamang na lalo pang titindi ang kaguluhan sa Silangang Europa habang hinahabol ng mga pwersang antikomunista

ang pagkumpleto sa proseso ng kontrarebolusyon o sinisikap ng mga komunista na papanagutin ang mga anti-komunista sa kanilang responsibilidad sa nagpapatuloy na sosyo-ekonomikong krisis at bawiin ang kapangyarihang para sa uring manggagawa. Ang ikatlong landas na pwedeng puntahan ng mga bayan sa Silangang Europa ay ang magkaloko-lokong gaya ng maraming bayan sa Ikatlong Daigdig sa loob ng orbit ng pandaigdig na ekonomyang kapitalista.

May mga limitasyon sa paggamit ng mga bayang kapitalista sa Silangang Europa bilang bagsakan ng kanilang surplas na kapital at surplas na kalakal. Kahit di banggiting umiiwas ang mga bayang kapitalista sa paglikha ng mga produktibong kakumpitensya sa mga bayang sosyalista, dapat kilalanin sa umpisa pa lamang na lahat ng nasabing bayang sosyalista ay walang produktong pang-eksport na mabili sa pandaigdig na pamilihang kapitalista. Sa halip na magpataas sa antas ng produksyong industriyal, ang liberalisasyon sa pulitika ay mas malamang na magpasigla sa importasyon ng mga produktong pangkonsumer. Ang mga nakinabang sa pulitika dahil sa krisis sa ekonomiya ay kailangang magpatupad ng higit pang malupit na mga patakaran sa paghihigpit ng sinturon.

Nasa proseso na ang Poland at Hungary sa pagpapatupad ng mga patakarang ito sa paghihigpit ng sinturon na iniutos ng IMF. Kabilang dito ang pagpapako sa antas ng sahod, pagsasara sa mga empresang di tumutubo at pagtatanggalan sa trabaho. Kapag ang Unyong Sobyet ay sumali sa mga bayang kapitalista sa pagsingil ng presyo ng pamilihang pandaigdig para sa mga isinusuplay nito (langis at natural na gas, halimbawa) mahihirapan kabi-kabila ang mga bayang kaanib sa Comecon. Ang ilang bayang sosyalista sa Silangang Europa ay malamang na higit pang umatras sa kalagayang tulad ng sa mga neokolonya at mga atrasadong bayan sa Ikatlong Daigdig.

Sa pagsasama ng mga bayang sosyalista at mga bayang kapitalista at nasa Ikatlong Daigdig sa mga okrganisasyong internasyunal at pinansyal, malamang na mas epektibong magkatulungan ang mga bayan sa Ikatlong Daigdig at mga bayang sosyalista sa paggawa ng mga aksyon laban sa di na matiis na pasaning utang at sumasahol na mga kundisyon sa kalakalan; at paghingi ng isang bagong internasyunal na kaayusan sa ekonomya.

Pinakamalaki ang pagkakataon ng dalawang pinakamalaking sosyalistang bayan, ang Tsina at Unyong Sobyet, at ng ilan pang mas maliit na sosyalistang bayan tulad ng East Germany at Czechoslovakia, na mas makapagpaunlad pa sa industriya sa takbo ng kanilang relasyong ekonomiko sa mga bayang kapitalista.

Hanggang sa antas na mananatili silang sosyalista at internasyunalista, maipagpapatuloy nila sa malaon at madali ang pagtulong sa di gaanong maunlad na mga bayang sosyalista at sa mga bayan sa Ikatlong Daigdig.

Pinakamasamang posibilidad para sa buong daigdig kapag ang linyang detente ni Gorbachev ay tumungo sa kabaligtaran nito. Ito ay nagbunga na ng nagpapatuloy na pagkalas ng mga bayan sa Silangang Europa sa hegemonyang Sobyet pero nakakaengganyo naman sa mga kapangyarihang kapitalista na mangontrol sa kanila. Ang pagtatangka ng Unyong Sobyet na muling pahigpitin ang kontrol sa kanila ay pwedeng makalikha ng mga salik ng pasismo at digmaan.

Sa ngayon, hindi nakatutulong sa mga pwersang anti-imperyalista at rebolusyonaryo sa Ikatlong Daigdig, kabilang ang sa Pilipinas, ang labis na pagkaabala sa sarili ng karamihan sa mga bayang sosyalista. Gayundin ang aktwal na paglakas ng mga pwersang anti-sosyalista at anti-komunista sa loob nila at ang pagtindi ng propagandang anti-komunista at anti-sosyalista na galing sa malaking burgesya at bunga ng mga deklarasyon ng mga lider ng karamihan sa mga bayang sosyalista na palasuko at kumakastigo sa sarili at pumupuri sa mga multinasyunal na empresa at bangko.

Nakakaengganyo sa panghihimasok ng US at mga alyado nito sa mga usaping panloob ng mga bayang sosyalista at nasa Ikatlong Daigdig ang pagiging abalang-abala sa sarili ng mga bayang sosyalista na may gulo sa pulitika at ekonomya, halatang naglalangis sa mga kapitalistang mamumuhunan at nagpapautang, at di gaanong pumapansin -- kung hindi lumalayo -- sa linya ng anti-imperyalismo at proletaryong internasyunalismo.

Isinasanib ng Partido Komunista ng Pilipinas ang teorya ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas at namumuno ito sa pambansang demokratikong rebolusyon sa paraang umaasa sa sarili at independyente. Alam nito na ang Pilipinas ay isang malinaw na halimbawang nagpapakita na ang paghahari ng malaking burgesya at ang pagpapailalim ng pambansang ekonomya sa pandaigdig na sistemang imperyalista o pandaigdig na sistemang kapitalista ay nakapipinsala sa sambayanan.

Walang anumang entidad na dayuhan o lokal, burgis-liberal o rebisyunista, ang maaaring magkaroon ng anumang kontrol o impluwensya na magpapatalikod sa ating Partido sa kanyang determinasyong tupdin ang istorikong misyon ng uring manggagawa sa pagkumpleto ng rebolusyong pambansang demokratikong at

pagkatapos, pagtatayo ng sosyalismo hanggang sa ultimong layunin ng komunismo.

Itinuturing ng Partido Komunista ng Pilipinas ang sarili na nasa bentaheng pusisyon upang makinabang sa mga positibo at negatibong karanasan ng ibang partido na naunang magkamit ng tagumpay sa rebolusyong pambansa at sosyalista. Kapag nanalo na ang rebolusyong Pilipino, magiging mas malinaw sa Partido kung paano ilulunsad ang rebolusyon at konstruksyong sosyalista, batay sa lumalawak na demokrasyang bayan, at kung paano pipigilan ang panunumbalik ng kapitalismo sa pamamagitan ng lahatang-panig na rebolusyonaryong proseso na umiiwas kapwa sa mga kalabisang burukratiko at ultra-demokratiko. Makikinabang din ang Partido sa paglakas ng multi-polarity at plurality sa hanay ng mga bayang kapitalista, sosyalista at Ikatlong Daigdig.

Ang mga bayang tataas ang antas ng sosyalistang pag-unlad ay hindi lamang makapagbibigay ng mga aral na maaaring matutunan. Malalagay din sila sa mas mahusay na katayuang ekonomiko para makipagtulungan sa Pilipinas na malaya na sa imperyalismo at reaksyon at matatag na tumatahak sa landas ng sosyalismo. Tiyak na mangingibabaw ang sosyalismo sa daigdig sa simpleng dahilang di kaya ng mundo ang napakaraming kapitalistang bayang industriyal. Mula 1917, ang kanilang bilang ay sapat na upang maging sanhi ng pagsilang ng lipunang sosyalista.

Mabuti nga kung ang mga responsable sa pagtataguyod sa kapitalistang landas at paglakas ng mga pwersang kontrarebolusyonaryo sa mga bayang sosyalista ay hayagang humawak ng katungkulan sa isang panahon para sa kalauna'y tuwirang panagutan nila ang pagsahol ng mga kalagayang sosyo-ekonomiko, sa kabila ng higit na integrasyon sa pandaigdig na ekonomyang kapitalista. Umaaot na sa kasukdulan ang ang lakas ng mga pwersang anti-sosyalista sa Silangang Europa pagkaraan ng mahabang panahon ng mapayapang ebolusyon. Sa relatibong maikling panahon makikita rin ng mamamayan ang kanilang pananagutan. Tiwala ang Partido Komunista ng Pilipinas na ang linya at mga salik na gumugulo sa Silangang Europa kabilang ang Unyong Sobyet ay mapangingibabawan sa bandang huli ng mga matapat na komunista at ng mga pwersa ng sosyalismo.

Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

26 Disyembre 1989